Kahima't magkagayon, ang sikat ni Febo at ni Venus ay pilit ding makaabót sa lupà. Samakatwid bagá sa madaling salitâ, ang pagibig ng dalawang tao'y kahit nahihiwalay ng malayò ay may pag asa rin na ang dalawa'y magkákatagpô.

*Alberto.*

IKAANIM NA POSTAL

Si Trining kay Alberto.

Enero 1916

*Alberto*:

Malayò na ang iyong sagot. Ang sikat ni Febo at ni Venus ay iba kaysa pag-ibig, pagka't ang sikat ay walang pinipiling lugar na tatamaan

Kung sa bagay ay ayaw kitang pawalan ng pag-asa, nguni't ang pag asa'y noon pang dî tayo nagkikilala, kaya't ngayo'y na sa malalim na pagkukurò.

*Trining*

IKAPITONG POSTAL.

Si Alberto kay Trining.

Peb. 1915.

*Trining*:

Inaasahan ko na sa iyong pagkukuro'y ang pag ibig ko rin ang laging sasagila pagka't ang bató lamang ang tunay na matigas.

*Alberto.*

IKAWALONG POSTAL.

Si Trining kay Alberto.

Peb. 1916.

*Alberto*:

Tunay ngang ang puso'y malambot na dî gaya ng bato; subali't gaano katigas ang tubig kung maging «yelo?»

*Trining.*

IKASIYAM NA POSTAL.

Si Alberto kay Trining

Peb. 1916.

*Trining*:

Samakatwid bagá, ang nais mong sabihi'y ang pagmamatigas ng iyong puso'y dî rin hanggan kailan man, kungdî ito y waring ipinamamalas muna ngayon, at hinihintay mo na lamang ang mga dapat gamitin upang ipagpalambot sa «yolong» náturingan mo. Hindî ba?

*Alberto.*

IKASAMPUNG POSTAL

Si Trining kay Alberto.

Peb 1916.

*Alberto*:

Nakatatawa ka. sapagka't ang «yelo'y» hindî lumalambot kungdî natutunaw ó naduduròg. Kung ang ibig mong sabihi'y «hinihintay ko lamang ang dapat gamitin upang ipág durog» ay hindî rin ako papayag pagka't kung dudurugin mo ang «yelo» ay lalong madaling matutunaw at máuuwî sa walá? ¿Nais mo bagang ang pusò ko'y máuwî sa walá? Hindî pag ibig iyan, Alberto. Ako ngà pala'y dapat magingat.

*Trining.*

## Matatandang kantang bayan sa Bataan

(Para sa PATNUBAY NG BAYAN)

*(Karugtong)*

Eto na yan bapor
Ang lulan ay kangkong
Kasama si Neneng
Na nagbabakasyon
Ang dalang kalakal
Tapis na patadyong
Sayang karambola
Panyong lerong lerong.
Panyong lerong lerong
Umakyat sa papaya
Daladala buslô
Sisidlan ng sinta
Pagdating sa dulo
Nabali ang sanga
Ang pobreng si Neneng
Lubos na ulila.
Bakit ulila na
Sa ama't sa ina
Uulilahin pa
Sa titig ng mata
Titig ng mata mo
Masakít sa hamras
Mabigat sa bato
Na dî ko mabuhat
Kung kakastilain
"Ojas de lagrimas"
Kung tatagalugin
Matang mapamihag.
Matang mapamihag
Sa dating alipin
Dî na lumalaban
Ibig pang patayin
Bunot yaring punyal
Dibdib ko'y saksakin
Naturang kamay mong
Pumatay sa akin.

—

Ito palang pusò, dalawang kalidad
May pusong mayaman may pusong mahirap
Ang pusong mayaman, kaiba sa lahat
Inaalipustâ ang pusong mahirap.
Ang pusong mahirap nasa sa lamesa
Pinaghahatulan ng pusong justicia.
Pusò yang humatol, pusò yang naghabla
At pusò rin naman ang nagbigay dusa.
Pusò yang may sakít, pusò yang médiko
At pusò rin naman ang igagamot ko
Pusò yang almires, pusò yang pangbayo
At pusò rin naman ang babayuhin ko.

—

Halikana, Paring, kita'y kakalungin
Isisilid sa duyan babalutin ng lampin
Hwag na lamang magtampo sa akin
Ibibili kita ng manilya't singsing.
Ang manilya't singsing galing sa audiensia'
Kinababalutan papel de kastilya
Papel de kastilya dahong tangan tangan
Bulaklak ay lason bunga'y kamatayan.
Ng si Paring ay maglambing
Isang lingong di kumain
Ang napita niya't nahiling
Isang ka- gang murang saging.
Ng si Paring ay magtampo
Isang lingong di sumuso
Ang napita niya't naguste
Isang kangang murang siko.

—

Halina halina matang mapungay
Isisilid kita sa rehas na bakal
Kung itatanong ka ng mga pininsan
Isagot mo Neneng larawan ng buhay.
Halina halina ang matang maamò
Isisilid kita sa rehas na gintô
Kung itatanong ka ng mga pinunò
Isagot mo Neneng larawan ng pusò.

—

Abá Fedelina kung bihis ng bihis
Marami mang damit siempre mapupunit
Gayondin naman ang sinta't pag-ibig
Kung bago ng bago'y walang masasapit.
Abá Fedelina kung mananalamin
Ang mukhâ mo muna siyang salaminin


### "EL 82"

TINDAHAN ÑG PINTURA

LIWASAN NG BINUNDOK. TELEFONO No. 82.

| | | |
|---|---|---|
| PAPEL BEHETAL, na pandibuho at gamit ng mga bordadora . . | P 0.05 | ang dahon. |
| PILTRONG CARDENAL, magaling na panalà ng tubig . . . . | „ 9.50 | bawat isa. |
| TAPON PATENTE, na losa gamit sa mga botella ng tubig . . . | „ 0.07 | „ „ |
| ENREHADONG KAWAD, galbanizado gamit sa kulungan ng manok | „ 0.30 | ang metro. |
| RATONERANG KAHOY, pang huli ng munting dagâ . . . . . | „ 0.10 | bawat isa. |
| TIANING KAHOY, sipit sa damit ng mga labandera . . . . . | „ 0.20 | ang dosena. |
| GARAPIÑERANG GEM, mura, matibay at magaan gamitin . . . | „ 3.75 | bawat isa. |
| PINTURANG MURALO, maputi at dekolor pamintura ng bahay . | „ 0.50 | ang kilo. |



**Mgal. José Espinosa**
Kinatawan sa Kapulungang Bayan ng ikalawang pook ng Tarlak.

Bago ka pumahid ng sa ibang uling
Ang uling mo muna ang siyang pahirin.

(*Tatapusin*)

Sa pagkakalathalà,

EULOGIO RODRIGUEZ.

Maynilà, Abril 4, 1916.

# Ang Kasaysayan ng Pilipinas sa Bwan ng Mayo.

1.—Pistá ng Paggawâ.
Noong 1898 ay nalupig ang mga pangdigmang-dagat ng mga kastilà.
2.—Noong 1895 ay namatay ang pantas na «químico» na si G. Anacleto del Rosario.
Noong 1900 ay dumating dito sa Maynilà ang unang misyonero ng iglesya Baptista.
3. Noong 1597 ay nagsiluasad sa Karigara, Leyte, ang mga unang misyonerong hesuwita na kasama si Padre Chirino na bantóg sa kanyang aklat na sinulat tungkol sa Pilipinas.
Noong 1882 ay nilisan ni Rizal ang Pilipinas upang mag-aral sa Espanya.
4.—Noong 1493 ay ipinasiya ng Papa Alejandro VI ang mga lupang dapat maukol sa mga kastilà dito sa kasilanganan at gayon din ang sa mga taga Portugal.
Noong 1667 ay inilulat ni Padre Combes ang aklat niyang kasaysayan ng Mindanaw at Huló.
Noong 1869 ay ipinahintulot ng Pámahalaan ang pagtatatag ng «Escuela de Artes y Oficios».
5. Noong 1583 ay itinatag ang Audiencia sa Maynilà.
6.—Noong 1603 ay nilagdaan ng Hari sa Espanya na si Felipe II ang isang kautusan na sino man ay hwag magpatuloy ng sangley sa loob ng Maynilà dahil sa sapantahang magsisipaghimagsik ang mga ito.
Noong 1896 ay namatay ang magiting na pilipinong si G. Manuel Azcárraga at Palmero.
7.—Noong 1827, ang nanghimagsik na si Dagohoy sa pulò ng Bohol ay nilusob ng 3200 kataong taga Sebu na pinangunahan ng Alkalde at ng isang nagkápitan sa Bolhoon.
8. Noong 1851 ay ipinanganak ang bunying taga Sebu na si G. Miguel Logarta.
9.—Noong 1876 ay pinagtibay ng Papa León XII ang pasiya ng Papa Pio VII na magtaglay ng «indulgencia plenaria» ang mga angkan ng mga unang nangamayan sa bayang Pagsanghan, na ang unang Simbahan dito'y itinayô noong 1688.
10. Noong 1884 ay naghandâ si Andres Novicio ng isang malaking pulutong sa Pangasinan lában sa Parì sa Tayug.
11.—Noong 1727 ay ipinagdiwan ang «Consagración» ng Obispo sa Nueva Caceres» na isang pilipinong nagngangalang Dr. Gerónimo Herrera.
13.—Noong 1579 ay nagkaroon ng isang pasiya na ang bawa't cura na tagapagturò ng «Doctrina» ay sumahod ng 50,000 beles, at ang mga sakristan ay kalahatì.
Noong 1754 ay bumugá ang bulkan sa Taal.
Noong 1903 ay namatay si Mabini.
14.—Noong 1703 ay itinatag ang bayang Obando.
15.—Noong 1571 ay namahalà si Legaspi sa Maynilà.
17.—Noong 1876 ay ipinasiyá na maging Taga pamatnugot ng «Jardin Botánico» ang «Inspector de Montes».
18.—Noong 1571 ay nakipagtipan si Legaspi sa pamamagitan ng dugô sa Rahá rito sa Maynilà.
19.—Noong 1898 ay nagsiahon sa Kabite sina G. Emilio Aguinaldo na galing sa Hongkong.

British & Foreign Bible Society
636 ISAAC PERAL.
Nagbibili ng mga Bibl a sa lahat ng wikà
Inyong pagsadyain.

PACO STUDIO
1430 HERRAN
May mánunuklay na walang bayad.

ENGRACIO DE ASIS
Nagpapasanglâ ng alahas, at ibp. Mura magpatubò, mahal bumalaga. Bukás kahi't araw ng pistá.
*Daang Azcarraga Blg 1339, Canto Benavides, Trozo*
Tel. 3396. Maynila.

20.—Noong 1571 ay tinuklas ni Legaspi ang Sambales.
Noong 1810 ay nasunog ang «Alcaicería» sa San Fernando.
21.—Noong 1767 ay hinuli ang mga heswita at ibinilanggô upang paalisin dito sa Pilipinas ayon sa utos ng hari.
22.—Noong 1892 ay itinatag ang Biblioteca-Histórica-Filipina
Noong 1901 ay kinilala ng Pámahalaang Amerikano ang pagkatatag ng Observatorio Meteorológico dito sa Maynilà.
Noong 1901 ay nátatag ang unang «logia» ng «Gran Logia» sa California.
23.—Noong 1889 ay tumanggí ang cura sa Kalambâ na ilibing ang bangkay ni G. Mariano Herbosa dahil sa yao'y bayaw ni Rizal.
Noong 1909 ay binuksan ang págawaang «Katubusan».
24.—Noong 1898 ay iniulat ang mga unang pahayag ng Pámahalaang Dictatorial.
26.—Noong 1584 ay umahon ang unang Audiencia na kasama si Dr. Vera.
27.—Noong 1593 ay namatay sa Alkalá, Espanya, ang heswitang Alonso Sanches na kinatawan ng Papa Inocencio IX dito sa Pilipinas.
Noong 1613 ay natapos sa limbagan ang «Vocabulario de la Lengua Tagala» ni Padre Pedro de San Buenaventura na nilimbag nina Tomas Pinpin at Domingo Loag sa bayan ng Pila.
28.—Noong 1898 ay natutop sa Imus at Kawit ang isang pulutong ng 300 kastilà.
29.—Noong 1873 ay lumindol ng kasindaksindak sa Maynilà.
31.—Noong 1891 ay itinatag ang katipunang pilipino sa Hongkong.
Noong 1898 ay nangyari ang ikalawang yugtô ng panghihimagsik sa Pilipinas.

## :-: ANG ATING MĞA BUGTONG :-:

1. Lumuluhang lumalakad
patáy ang kinakausap.
Kat. *Tintero at pluma.*
2. Sa patáy inihayág
ang lihim na pag-iyág.
Kat. *Papel na sulatán.*
3. Ang buháy ay tinang san
at ang patáy tinawanan.
Kat. *Kásalan*
4. Tubig na sakdál linaw
na dinadalá sa kamáy.
Kat *Yelo*
5. Ulong ulo't pa a lamang
walang pagod na sumayaw.
Kat. *Trumpó*
6 Tumutugtog umaawit
walang pagod ng pagpihit.
Kat, *Grapópono.*
7. Napapagod kung tumigil
kung tumakbo'y nagigiliw
Kat *Nagbibisikleta.*
8. Naghahay si maitim
walang haliging itinanim.
Kat *Gagamlá*
9. Pumuñok di nárinig
tumamà pa'y di masakít.
Kat. *Ang araw at ang kanyang sinag.*
10 Ang itinanim ay itinapon
ang pinagtamnan ay niiamon.
Kat *Pinapatay na manok.*
11. Pinagmwalan ang bibig
pinagkiskisan ang pwit.
Kat *Prinsá sa damit.*
12. Dahong pinagbungahan
bungang pinagdahunan.
Kat. *Pinyá.*
13. Ng maalala'y náiwan
nadala ng málimutan.
Kat. *Amorsiko.*
14. Sa init ay nabubuhay
sa hamog ay nalulugay.
Kat. *Akasya.*


# "RETRATO"

¿Queréis tener buenos Retratos á precios sumamente barato?
Acudid á la Fotografía TONDO MODERNO, Azcárraga esquina Ilaya, Tondo, Manila, donde encontraráis Fondos Preciosos y Modernos, con Peinadora Gratis todos los días.

*J. Estella.*

15. Naaabót na nğ kamáy
iginawâ pa nğ tuláy,
Kat. *Kubyertos.*

16. Paroparó nğ batà
nagíng ahas nğ tumandâ.
Kat. *Sitaw.*

17. Pakpak nğ paroparó
pusò nğ bagong tao
gatas nğ dalaga.
Kat *Hichó*

18. Isang tingting na matigas
nğ ikiskis namulaklak
Kat *Apuyán o pósporo.*

19. Sa umaga náhihimbing
at sa gabí ay gisíng.
Kat. *Pánikì.*

20. Kung bayaa'y nabubuhay
kung himasi'y namamatay.
Kat. *Makahiyâ.*

21. Mataas kung nakaupô
mababà kung nakatayô.
Kat. *Aso.*

A. FERNANDEZ.

# Ang Bayang Tayabas

***Pagkakasunód-sunód nğ nanğag Kápitan at nangyari sa kanikaniyang panahón.***

*(Karugtong.)*

1871. Dn. Pedro S Agustin, Ten. 1.o Dn. Genovivo Valencia, dito sa 1.o nğ Julio nag posición at naroon ang Alde na si D. Federico Garcia Reguerra, at doon natitira.

At dito sa 19 nğ Agosto, namatay ang isang coadjutor dito sa Cavecera na si Pdre. D. Clemente Acodorico na taga Gumaca na asistido ang boong sobalternos at doon inilibing sa loob nğ Hermita ni S Roque.

At dito sa 26, 27 nğ Agosto ay nag bando Real, may mucica tuncol sa Estadistica o cuestionario Yndustrial at pagsusucat nğ canicaniyang sulat, at paglilista nğ lahat nğ mğa bienes nğ tauo dito sa boong Filipinas, na ang mag susucat ay ang pangalang Comicionados na ito'y igui nagalang na parang catauan din nğ mismong Capitan General na nagutos sa kanil at buhat dito sa 26 at 27 ay siyang pagsusucat, at dito sa 1.o nğ Octubre guinawa ang festa reales nğ Papa dahilan sa dahilang siya'y nag papa at siya'y sumapit nğ 25 años. Dito sa 26 nğ Octubre dumating ang bagong Alcalde na si D. Luis Ortez Vanco na kahalili ni D. Federico Garcia Reguerra, at nitong 26 umalis si D. Federico. at nitóng 30 ay pinosicionan ang bagong Alcalde na si D. Luis Ortiz de Vanco At dito sa 25 nğ Nov. dumating dito sa Cavecera ang isáng misión na taga china na galing sa Roma si Santo Padre Antonio Benjamin na nahingî nğ limos na ibang totoo, ang canyang pagmimisa at may dalang caniyang misal, at sandali ang capal nğ Misal niya, at iba patí ang sulat na tila lahukan nğ inchik, may numero ay hindi naman latin, na anopat macababasa, nğunit ang pagsasalita niya ay uicang latin, at tulóy pinagcalooban siya nğ Santo Padre na macapag lagay siya nğ indulgencias sa mğa larawan nğ lámina nğ mğa Santo, cuintas at mğa calmen, at nğ umalis dito ay 20 nitong buan.

# Mğa Kandidato rito sa Maynilà sa susunod na halalan

*Lapiang Nasyonalista.* Para Diputuado: Agapito Zialcita sa Hilagà at José G. Generoso sa Timog; Para Konsehal: Juan Nolasco, Martin Ocampo, Agaton Cecilio, Ambrosio Reyes, Patricio Belen, Manuel Quiogue, Ramon R. Papa, Tomas Argüelles, Daniel Morelos at Leandro Claro.

*Lapiang Tercerista at progresista.* Para Diputado: Antonio Montenegro sa Hilagà at Pedro Gil sa Timog. Para Konsehal: Marcelo Eloriaga, Honorio Lopez, Felix Valencia, Miguel Gozon, Joaquin Balmori, Manuel Lopez, Dominador Gomez, Mariano Galian, Gerónimo Santiago at Hugo Salazar

*Union Reformista.* Para Diputado: Vicente Sotto sa Hilagà at José G. Generoso sa Timog. Para Konsehal: Isabelo de los Reyes, Crisanto Evangelista, Ramón R Papa, Ambrosio Reyes at ibp.

*Sa mğa Independiente* na nalalaman namin. Para Diputado: Vicente Sotto sa Hilagà; José V. Legaspi, sa Timog. Para Konsehal: Isabelo de los Reyes, Anastacio Quijano, Marcos Manlig, Estanislao Legaspi, Emilio de los Reyes, Martin de Castro at ibp.

A. Salvador
*22 Pasage de Paz, Escolta*
TEL. 3253.
Se Reciben toda clase de Trabajos de Pintura como Caratulas de Cristal y Bronce
Decoración de Edificios Retratos
Letras de Madera y Azogue de Cristal Etc.
PRECIOS RAZONABLES

Nğayo'y panahon nang "Sakít nğ Nğipin."
Kung hahanap kayó nğ DENTISTA ay tunğuhin ninyo si
Dr. A. VERGEL DE DIOS
*447 EVANGELISTA*
at walang sakít na gumamot ó bumunot

# Ang Bayan at ang Pámahalàan.

ANG BAYAN:—Kung anó ang tinatawag na Bayan, sa akalà ko'y batid na ng madlâ, na itó, sa karaniwang pagtuturing, ay "ang lugar ó pook ng saugdaigdigan na tinatahanan ng mga tao", gaya halimbawà ng ating pinakamamahal na *Bayang Pilipinas*. Datapwâ't sa ibang pagsasabi. "ang bayan ay ang kapisanan ng mga tao na tumitira sa poók na yaón," gaya halimbawà ng *Bayang Pilipino*.

Kung gayo'y sino ang dapat nating kilanling mga kababayan? Ang lahat lamang ng mga inianák sa bayan natin? Marahil ay hindî, sapagka't saan mang dako ng Sangkapuluan sumibol ang isang pilipino, maging sa kailokohan, sa kapampangauan, sa kabisayaan, at iba pa, ó maging sa Amérika man sa Europa, sa Asia, sa Australia at sa Aprika; siya'y dî maitatakwil nating kababayan ó kalahì, malíban na lamang kung siya na ngâ ang kusàng tumatalikod.

Nguni't papaano natin kikilalanin ang isang dayuhan (extraño) na gaya ng amerikano ó europeo na inianak sa lupàng itó?. Masasabi kayâ natin na siya'y ating kababayan? Marahil ay maarì rin lubhâ pa't kung may batás na kumikilala sa mga gayóng tao na nagnanasàng maging mámamayang pilipino, nguni't dî natin maipalalagay na siya'y kalahî, pagka't ang kanyáng dugô, ang kanyáng balát, ang kanyáng ugalì, at ang kanyàng damdamin, ay tunay na ibángiba sa isáng katutubòng pilipino baga ma't ang karamihan ng ating mga kalahì ay dî ko itinatatuwâ na nagbuhat din sa mga dugòng halùan, gaya ng mga *mestizo*.

Bakit natin iniibig ang ating bayan? Sapagka't dito namulat ang ating mga kanunùnunùan, dito nagisíng ang ating mga magulang, dito tayo inianák, nárito ang ating mga kapatid, mga kamagának, mga kaibigan, mga kakilala at mga kalahì; sapagka't narito rin ang ating kabuhayan, ang ating kasayañan, at ang lahat nang luwalhatì; at sapagka't sa kapalarang sinasapit ng ating bayan nasasalig ang ating buhay, layà at kapurihán.

ANG PAMAHALAAN.—Kung ang isang muntíng kapisanan na binubuô ng ílang katao ay nagkakaroón ng pamunùan, gaya ng pangulo, ikalawang pangulo, kalihim, tagaingatyaman mga kasangguni, at iba pang kawaní, upang mamahalà sa nasabing kapisanan, gumawâ at magpatupad ng kanilàng palatuntunan, alituntunin ó palakarán; dî lalò at higit na kailangang mag karoón ng Pamahalaan ang isáng bayan na binubuô ng mga libolibong tao. Nguni't anó ang Pamahalaan? Ito'y ang *kapangyarihang* ipinagkaloób ng bayan sa mga mámamayan din upang ang mga itó ay gumawâ at magpatupád ng mga *batás* at humatol sa mga lumalabág sa nasabing mga batás ó kautusán, para sa kaayusan, kalinisan, katiwasayán, kaginhawahan, kasayahan at kaligtasan ng bayang pinangangasiwàan. Dapat nating alamín na ang isang pamahalàan ay hindî itinatag upang mangilak ng salapî ô magpahirap sa mga tao, kundî upang tumulong, magmasakit, at magtanggol sa katuwiran at mga karapatán nilá ó ng boông nasasakupan. Kayâ ang bayan din at dî ibá ang siyáng makapangyarihan sa pagpilì ng kaniláng kakatawanin sa pamahalàan, at itó ang dahilan kung bakit nagdaraos ng mga halalan upang humirang ng mga taong mapagkakatiwalàan ng iba't ibang tungkulin sa bayan. Sa kapangyarihan ngâ ng bayang iyan at dilì ibá, magalang na isinasailalim ko ang aking matingkad na nasàng maglingkod sa boô kong makakaya.

*Nguni't mangakò* kung kanikanino ng mga sarisaring bagay na dî matutupád, kayó man ay makapagsasabi na ang gayó'y pawàng kasinungalingan at malaking paglilinlang sa bayan upang ang isang naghahangad ng katungkulan ay magtagumpay lamang sa halalan; datapuwâ't ang maglahad naman ng *waláng ano mang pangakò ó panukalà* man lamang na maipakilala sa bayan, ay katulad ng isang bulag na dî nakatatalós ng kanyáng linalakaran; nakakahalimbawà ng isang sasakyán na waláng timón, na kung saan na lamang padparín ng ágos sa laot ng dagat, kung saán na lamang itulak ng hangin, ay doón naáanod, at dahil doó'y lubhâng mapanganib ang isang naglalakbay, pagka't maaaring mabunggô ó masadsad ang nasabing sasakyán sa mga batóng dapat pangilagan.

Hindî kakauntî ang pagkaibig kong ako'y magwagi sa halalan, subali't kung ako'y waláng magagawàng mabuti sa bayan, makalilibong nais ko pa ang manahimik sa dampàng tahanan. Nguni't dapát alamín ng mga giliw kong kababayan na, sa pagharap ng aking kandidatura, ang maipangangakò ko'y ***habang may maiisip akó at magagawâ para sa kabutihan ng ating bayan ay aking gagawin kaylan ma't maáarì.***

**LOS FILIPINOS**
**1011-1013 San Fernando**
*Maynila, K. P.*

Mga kasangkapang bakal, mga gamit sa pagpapagawâ ng bahay mga bagay na gamit sa kalinisan (plomería) mga kagamitan sa mga bapor at sasakyan mga panangkap sa mga makina, pintura at barniz, mga kagamitan sa bahay, ibp.

***Macario Lim Manapat,*** Gerente.

Kayâ ngâ't sa kahilingan ng madlâng kababayan ay pinang-hasan kong ilathalâ rito ang ilán sa aking MG̃A PANUKALÂ na pagpupunyagian kong gawín sakaling ako'y siyang mapaluklok sa pangulohang bayan, at sakaling hindî man ang kalutan ko ang magwagi sa nalalapit na halalan, ay inaasahan ko ring ang mga panukalâng ito'y magiging kailangan kung hibigin ng ibang mangagsisipanungkól at kung tatangkilikin ng boông bayan. Sa makatuwid, kaylan ma't sa isang-ayunan ng bayan ang lahat ng mga nasasaad dito, umaasa akong bukas ó makalawa'y mátatamó natin ang mahalagang bunga ng ating mga pagod, puyat at hirap na tiniis sa mga pulong, kombensiyón at halalan, na dilî iba kundî ang GINHAWA, LIGAYA at KARANG̃ALAN.

Ng̃ayón pa'y ipinagpapauna ko na ang maraming salamat kung inyóng pagtamanang basahin ang imbing aklát na ito, at tuloy isinasamò kong ipagpaumanhin ang lahát ng kakulangán na inyóng mapupunà.

# Mg̃a Panukalâ

*Sakaling ang mg̃a Panukalàng natititik sa mg̃a dahon ng aklat na itó ay mangpatin mong tanggapin, Bayang Makapangyarihan, namamanaig akong sa mamalagang tutong mo'y maitataguyod ito ng boông tagumpay.*

## UNANG BAHAGI.

### TUNGKOL SA PAMAMAHALA SA BAYAN.

1. *Ang pagbibigay Buhay sa Pamahalaan.—2. Mg̃a Gawaing Bayan: Mga Paaralan; Mga Lansangan at Tulay; Pagdidilig ng̃ mga Daan; Mga Ilaw sa Lansangan; Mga Poso Artesiano at Gripo; Telépono, Telégrapo at Korreo, Mga Halamang Pangtilim sa Daan, Pagamutang Bayan; Tanggapan ng̃ Sunog (Bombero); Mga [illegible] na Pamilihan sa bawà't Nayon; Bahay-ampunan ng̃ mga Ulila't Salantâ.—3. Pagpapalagô ng̃ mga Hanap Buhay. 4. Paglilinis sa Bayan.—5. Pasyalan sa Baybay Dagat, Paliguan, Languyan, Taniman sa Tubig, Bangkaan, mga Glorieta at Parke sa mga Nayon.—6. Pagdaraos ng mga Pinunò sa bawà't Nayon.—7. Pagpapahayag ng̃ mga kautusan.—8 Ang mg̃a Pulis.*

## IKALAWANG BAHAGI.

### TUNGKOL SA PAGTATATAG NG̃ MG̃A KAPISANAN.

1. *Ang Pagtatatag ng̃ Kapisanang Bayan na bubuùin ng̃: Kapisanan ng mg̃a Tabakero, Kapisanan ng mg̃a Magiikmo, Kapisanan ng̃ mg̃a Mang̃ing̃isdâ, Kapisanan ng̃ mga Magsasaka, Kapisanan ng̃ mga Mang̃ang̃alakal, Kapisanan ng mga Empleado at Maestro, Kapisanan ng̃ mga Artista, Músiko at Pintor; Kapisanan ng̃ mga May arí ng̃ Sasakyán, Kapisanan ng̃ mg̃a Karpintero at Kosinero, Kapisánan ng̃ mga Sastre at Barbero, Kapisanan ng̃ mg̃a Sapatero at Tsinelero, at Kapisanan ng mga Magpapaupa.—2. Sakaling ang isang kasapi'y Magkasakit. 3 Kung mawalan ng̃ Hanap-Buhay — 4. Kung magkaroon ng̃ usapin sa Hukuman.—5. Kung Mamatay — 6. Pagtatayó ng̃ Botika — 7. Pagtatatag ng̃ ísang "Banco de Ahorros".—8. Pagawâan ng̃ Tabako.—9. Pagiikmuhan.- 10. Pang̃ing̃isdâ.—11. Mg̃a iba't ibang hanap buhay.—12. Pagtulong sa Pamahalàan sa Paggawâ ng̃ mg̃a Ilang Gawâing Bayan.—13. Pagtatatag ng̃ isang Akiatang Bayan at Limbagan.—14. Pahayagan.*

## UNANG BAHAGI.

### TUNGKOL SA PAMAMAHALA SA BAYAN.

Ipaghalimbawà natin sa pagpapatayô ng̃ isang malaking bahay ang pagtataguyod ng̃ mga layunin ng bayan. Pagkatapos malinaoâ ang sapat na gugugulin, ang unang-unang ipagagawâ natin ay ang *plano;* susunod ay ang paghanap ng̃ *karpintero;* at saka ang pagkuha ng̃ mga *materiales*. Kung masamâ ang plano, hindî bihasa ang karpintero, at dî ayos ang pagkagamit ng̃ mga kasangkapan: Ano kaya ang magiging kayarian ng̃ bahay na iyan? Kayó ang makapagsasabi. Ipagpalagay nating ang planong nabanggit ay ang *panukala;* ang karpintero'y ang *kanataulo;* at ang materiales ó mg̃a kasangkapan ay ang *salapi* ng̃ pamahalaan: Anó kaya ang kahihinatnan ng̃ magiging pamamalakad sa bayan?

1. ANG PAGBIBIGAY BUHAY SA PAMAHALAAN.

Gaya ng̃ nabanggit na sa dakong pasimulâ, ang pamahalaan ay nakakahalintulad ng̃ isang makina na nangangailangan ng̃ karbón o pang-

SOMBRERERIA DE P. AUSTRIA
Echagüe No. 56, Sta. Cruz
Nagbibilí ng̃ sarisaring mg̃a bagay pará sa mg̃a lalake, gaya ng̃ sapatos, medyas, corbata, panyô, lalong laló na ng̃ mg̃a sombrero rito sa Pilipinas.

CRISPULO ZAMORA
Platero at Grabador
351 San Sebastian, Maynilà, Tel. 8266.
Gumagawâ ng̃ magagandang corona pará sa mg̃a reina, ng̃ mg̃a medalla, botones, insignias, copas na pang ganting palà, pang gayak sa simbahan, mg̃a larawan, caliz, baston, biyas, caratulang tansô, mg̃a chapa, ibp. Mabuting yumari at mura laló na sa kapwà pilipino.



*G. Miguel R. Cornejo*

painit upang mapagaláw, ó ng isáng tao na nangangailangan ng pagkain upang mabuhay. Ang pangpagalaw na itó at nagbibigay buhay sa pamahalàan ay dilî ibá kundî ang mga kayamanang nalilikom sa mga mámamayan.

Maraming paraán ang pinanggagalingan ng salapî ng isáng pamahalàan: (1) Buwís ng tao; (2) buwis ng mga pagaari, bahay, lupà, at mga kayamanan; (3) lisensiya ng mga hanap-buhay; (4) mga multa at iba't iba pa, gaya ng kinikita ng adwana at pinagbibilhan sa mga selyo ng korreo. Para sa mga nakaririwasâ sa pamumuhay ay dî nagiging mabigát na gaano ang pagbabayad ng mga nasabing buwís; ngunit para sa mga maralitâ, ang pagbabayad lamang ng nauukol sa sédula na halagáng dalawáng piso taóntaón ay páhirapan pang matupád Dapat nating alamín na kung gaano ang singíl sa isáng mariwasâ ay gayón din namán sa isáng mahirap, at bi hirang bayan ang dî binubuô ng karamihang maralitâ Tayong mga anák dalitâ ay may isáng paraáng magagawâ para sa ikalulunas ng ating kahirapan, at ito'y ang pagpilì ng mga pinunòng makapagtatanggól sa atin, yaóng mga kadamdamin natin na may kakayaháng makapagmasakit sa ikagagaling ng boóng bayan.

Nárito ang isáng paraán upang ang munisipiyo ay magkaroón ng malaking kita: Ang "inmigración" ó ang pagtirá dito ng mga nanggagaling sa mga iba't ibáng lugar. Sapagkâ't habàng kumakapál ang mga taong naninirahan sa isáng bayan ay lalòng dumadami ang mga mámumuwis, at sa gayó'y ang mga hanap-buhay at pangangalakal ay bagkus lumalagô. Pagnabalitaan ng mga taga ibang bayan na sa Pasay ay malakas ang hanap-buhay, mabuti ang singáw ng lupà, at masayáng tahanan; maraming tao ang maiigayang makipamayan sa atin. Sa ganitóng paraán lamang kung kayâ ang alin mang bayang gaya ng Maynilà ay napaúúunlad. Bakit hindî mangyayaring mapaunlád natin ang bayan ng Pasay, yayamang tayo'y katabi ng dagat, na sa bingit ng siyudad, at dinadaanan ng mga automóbil na lumuluwas mulâ sa mga Lalawigan ng Kabite, Laguna at Tayabas? May tren at trambiyang naglalakbay sa ating bayan na maáaring sakyán at paglulanan ng mga kalakal na nagbubuhat sa ibáng bayan, at sa sandaling oras lamang ay maáaring makarating tayo sa Maynilà Kung bakit magpahangga ngayón ay nahihimbing pa ang ating bayan, itó'y siyang suliraning nagbunsód sa akin na makialám sa polítika

2. MGA GAWAING BAYAN.

Pagkatapos na magkaroón ng malaking pagkakakitàan ang munisipyo at may saganà nang salapîng magugugol, kailangang pagisipan nama'y ang mga sumusunód:

MGA PAARALAN.—Tangì sa mga dating paaralán na nakatatag na rito ay kailangan pa ring magkaroón ng isáng «escuela intermedia» upang ang mga nakatatapos sa «primaria» ay huwag nang maglakbay pa sa Pasig ó sa Maynilà. Susunod dito'y ang mga paaralán sa gabí para sa mga manggagawàng nagnanasàng matuto ng wikàng Inglés ó Kastilà, at pagkatapos ay ang pagbubukas ng isáng paaralang «Industrial» para sa paghabi at pananahì ng mga damít; paggawâ ng mga sapatos, sombrero, katre, bangkò, silya, dulang, estante, kwadro, buslô, at mga pang palamuti sa bahay; at iba't iba pa. Gayon din ang pagbubukás ng «escuela de Artes» ó paaralan para sa mga nagkakaibig matuto ng pagpipinta at pagtugtog ng piano, biolin, at iba pang instrumento, upang ang bayan ay gumandá sa mga likhà ng *Arte* at sumayá sa mga tugtugan at awitan ng mga binatà't dalaga. Dapat unawàin na ang pagpipinta at pagmumúsiko ay gaya rin ng ibang hanap-buhay na pinakikinabangan.-

MGA LANSANGAN AT TULAY.- Isa pa sa mga mahalagang gawàin ng Pamahalàan ay ang pagpapagawâ at pagpapaayos ng mga lansangan at tulay. Noong mga ilan taóng nagdaán. nang walâ pang tulay sa maliit na ilog ng Malibay, ang mga tao ay sa tubig nagdadaán at yao'y

malimit pagkasanhián ng pagkapasma; gayón din ang mga daán na kung panahon ng tag-ulan ay nangaglalaliman sa lubák at putik na di halos mapagdaanan ng mga sasakyan. Gaanong hirap ang tinitiis ng isáng kotsero at gaanong hirap na lalò ang dinadanas ng mga kaawàawàng kabayo na sápilitang tatahak sa mga gayóng daán!' Kayâ, kaylan ma't may salapîng natataán ang munisipiyo para sa ikagagaling ng mga lansangan ay nararapat pagpasiyahan agád ng konseho ang daglîng pagpapaayos ng mga sirâng daán, mga tuláy, at patakbuhan ng tubig ó embornal.

PAGDIDILIG NG MGA DAAN.—Ang mga alabok na ipinsiilanláng ng mga kabayo, kalesa at automóbil na nagdadaanan, ay nanasok sa mga baháybaháy na kalapit, humahawa sa katawán at nahihingá ng mga taong naglalakbay. Ito'y pinagbubuhatan ng sakít na tisis ó pagkatuyô, pagka't nalalagak sa mga bútas ng bagà ang mga alabók na nasasagap ng paghinga. Kayâ, kailangang ipadilig, sa ano at alin mang paraán, ang mga lansangang karaniwang pinagdadaanan ng mga sasakyán, gaya ng daang Bago, daang Malake, daang Doninga, daang Burgos at Zamora.

MGA ILAW SA LANSANGAN.—Sapagka't sa ngayo'y ang munisipiyo ay walâng sapát na nahahandâ pará sa pagpapalagáy ng mga ilaw na eléktrika sa mga lansangan, maáaring kahit parol mang lamang ay magkaroón tayo ng ilaw, upang huwag magíng mapanganib ang paglalakád sa kadilimán ng gabí. Sakaling ang pamahalaan ay makapaglaan ng waló ó sampung libong piso para sa pagpapalagay ng mga ilaw sa daán, ay lalòng mabuti ang bumilí na ng isáng malakíng dinamo, mga haligi, kawad at bombilya, upang ang munisipiyo ay magkaroón ng sariling eléktrika na mapagkukunan ng ilaw para sa mga lansangan at sa mga baháy-baháy na nagkakaibig na magpalagay. Sa mga "abonado" lamang ay dî maglalaong matipon agád ang puhunan at maáaring makabilí pa ng isáng mákina upang matagapan ang boông bayan. Kung ito'y hindî magawâ ng pamahalàan, sa pamamagitan ng isang samahán ng mga taong bayan ay màitatayô ang nasabing makinaria.

MGA POSO ARTESIANO AT GRIPO.—Ang mga poso artesiano ay mabuti, nguni't kung maáaring makipag-alam sa Siyudad ng Maynilà tungkol sa pagpapalagay ng mga gripo sa bayang Pasay, gaya ng ginawâ ng bayang Kalookan, bakit di nating gawin? Ayon sa pagkabatid ko, ang munisipyo ng Kalookan ay nagbabayad ng pitong séntimo bawà't metro kúbiko ng tubig na nagagamit doón, at sa mga baháy-baháy na nagpakabit ng gripo ay sumisingil silá ng sampung séntimo; sa makatuwid ang munisipyo ay may pakinabang na tatlong séntimo sa bawà't metro kúbiko ng tubig. Ang napapakinabang na itó ay sapátsapát na marahil, ó kung kulangin man sakali ay kaunti na lamang, upáng ipangbayad sa Siyudad ng Maynilà.

TELEPONO, TELEGRAPO AT KORREO.—Sa ngayón ay marami na ring bahay sa bayan natin ang may mga telépono; ang bahay-pamahalàan man ay gayón din. Mayroon ngâ tayong korreo dito, nguni't di katulad ng sa mga ibáng bayan na may estasiyón ng telégrapo, may nabibilíng hiro, may banko postal, at may mga apartadong pinaúupahan. Ang isang sulat na patungo, halimbawà, sa Malibay, Mabong ó Pildira, ay inaabot na kung minsa'y mahigit sa dalawáng linggó bago makarating sa pinagpapadalhán sapagka't dahil sa kakulangan ng munisipiyo ng kwaltang maisusweldo sa mga kartero o tagapagdalá ng liham. Kailangan sanang maglagay ng mga hulugan ng sulat (buzon) at magkaroón ng tindahan ng selyo sa bawà't nayon, at tuloy magtadhanà ng araw na pagdadalá at pagkuha ng mga sulat sa mga lugar na iyón. Tulóy kailangan, kung mangyayari, na magkaroon din dito ng nasabing *telégrafo, apartado, banco postal* at *giro*. Gayon din, makapagpalagay sana ng sariling "oficina central" ng mga telépono sa loob ng bayan, upang makatulong sa pagpapalagô ng mga hanap-buhay at may magamit sa mga madalîang pangangailangan para sa ikabubuti ng bayan.

MGA HALAMANG PANGLILIM.—Para sa kagalingan ng bayan, ay dapat magtanim ng mga punòng kahoy, gaya ng mangga, niyog, sinigwelas, tsiko, at akasiya, sa mga gilid ng daán, upang may mapangangalungan sa init ng araw

Sa pagpaparetrato ay dapat ka pong pumili ng mabuting mag-ayos at niyaong lumalarawan ng makinis kaya't kung pakukuha kayó ng retrato ay tungûhin ninyo ang

**BOREAL STUDIO**

477 JUAN LUNA

at bukod sa tatanggapin kayó ng boong lugod ay masisiyahan pa kayó sa gawâ rito.

PASANLAAN
NI
FAUSTO O. RAYMUNDO

*Daang Ilaya blg. 641-645 pagliko sa Aceiteros San Nicolás, Maynilà.*

MATAAS humalagá sa isasanlâ, MABABA ang patubò, MADALING pagsanlaán at gayon din kung tubusán.

Nagbibilí ng mga hiyas na BRILLANTE, PERLAS, GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.

ang mg̃a naglalakád, lalòngIalò na ang mg̃a batàng nanasok sa paaralan. Tang̃i sa lilim na mapapakinabang sa mg̃a nasabing kahoy, ay mayroon pa mandíng mg̃a buñgang áanihin pagdating ng̃ kaarawán, maliban na lamang ang punong akasiya.

PAGAMUTANG-BAYAN.—Tang̃i sa Kagawaran ng̃ Sanidad na natatatag sa bawà't bayan, ay kailang̃ang magtayô ang Munisipiyo ng̃ isang *pagamutan* para sa mg̃a dukhâ at mg̃a nasusugatan ng̃ malubhâ na kung minsa'y naghubuhat sa awayan at kung minsa'y sa pagkakabunggò ng̃ mg̃a sasakyán. At para sa pagamutang ito ay kailang̃an pa rin ang isang sasakyang panghakot ó automóbil na maáaring magamit din ng̃ mg̃a konsehál kung nagpupulong, ó ng̃ mg̃a pulís kung may sakunâng nangyayari sa alin mang nayon.

PANGPATAY NG̃ SUNOG.—Sa lahat ng̃ oras ay kailang̃ang magkaroón ng̃ isá ó dalawá man lamang kasangkapan na pangpatay ng̃ apóy sakaling magkasunog sa alin mang poók na sakop ng̃ Pasay. upang maiwasan ang gayóng kakilákilabot na kapahamakán at laging pang̃ang̃ambá ng̃ mg̃a mámamayan.

PAGPAPATAYO NG̃ MALIIT NA PAMILIHAN (SUCURSAL) SA BAWA'T NAYON.—Tang̃i sa malaking pamilihang bagong kayayarì sa daáng Libertad, mandi'y nagiging kailang̃an pa ang magkaroón ng̃ isáng maliít na pamilihan sa bawà't nayon para sa kaginhawahan ng̃ mg̃a naninirahan doón na lubhâng malayò sa kabayanan.

BAHAY AMPUNAN NG̃ MG̃A ULILA'T SALANTA.—Ito'y kailang̃an din ng̃ bayan natin, nguni't sakaling dí sang-ayunan ng̃ Pámahalàang Lalawigan ó ng̃ iba pang kagawarán ng̃ pamahalàan sa Maynilà, kahi't sa pamamagitan ng̃ mg̃a taong bayan ay maáaring makapagpatayô ng̃ isang Bahay Ampunan para sa mg̃a Ulila at Salantâ. Ito'y isá sa mg̃a dakilàng gawâin ng̃ katauhan, at dî dapat walân ng̃ kabuluhan.

3. PAGPAPALAGO NG̃ MG̃A HANAP-BUHAY.

Pagkatapos matupad ng̃ Pamahalàan natin ang mg̃a gawàing bayan na nabanggit sa itaás, gaya ng̃ pagbubukas ng̃a mg̃a paaralan; pagpapaayos at pagpapalinis ng̃ mg̃a lansang̃an; pagpapalagay ng̃ mg̃a ilaw, gripo, telépono, telégrapo at mg̃a iba pang sangkap ng̃ korreo; pagpapatanim ng̃ mg̃a halamang panglilim at pangpaganda sa bayan; pagpapatayô ng̃ isang pagamutang pangkalahatan; paglalaán ng̃ pangpatay-sunog; pagpapalagay ng̃ maliít na Pamilihan sa bawà't nayón, at pagkakaroón ng̃ isáng bahay-ampunan para sa mg̃a kaawàawàng ulila, mg̃a bulag, pulube at iba pang kapos-palad na kababayan natin: Inaasahan kong maraming taga iba't ibang bayan ang maiigayang tumirá sa Pasay. Sa ganitóng paraán, ang mg̃a hanap-buhay ay lalagò, ang bayan ay sasayá, at ang pamahalàan ay kikita ng̃ maraming salapî, ng̃ higít at higít kay sa kinikita ng̃ayón sa mg̃a sédula, buwis ng̃ pagaarì, at lisensiya ng̃ mg̃a hanap-buhay.

Sa ibabaw ng̃ Lupà ay lubhâng marami ang mg̃a hanap-buhay, ng̃uni't sa madaling sabi ay nababahagi sa *Agricultura*, ***Industria***, ***Comercio*** at *Profesión*.

Ang AGRICULTURA ó pagsasaka, ay binubuô ng̃ pagtatanim ng̃ mg̃a halaman, gaya ng̃ palay, mais, mg̃a laman-lupà, mg̃a gulay, mg̃a bung̃ang kahoy, mg̃a bulaklakan at mg̃a pang palamutî. Gayon din, isáng bahagi ng̃ agricultura ang pagpaparami ng̃ mg̃a hayop, baka, kalabaw, kabayo, kambing, tupa at baboy; saka ang pagaalilà ng̃ mg̃a manók, pato, gansâ, pabo, kalapati, at iba pang ibon.

INDUSTRIA ay ang mg̃a hanap-buhay na ginagawâ sa likhâ ng̃ agricultura, gaya ng̃: Paggawâ ng̃ mg̃a tabako, sigarilyo't maskada; paghabi at pananahî ng̃ mg̃a damít, sapatos, at sombrero; paggawâ ng̃ mg̃a kasangkapan sa bahay, hihigan, mg̃a silya, dulang, aparador, at mg̃a iba pa; paggawâ ng̃ mg̃a mákina; paggawâ ng̃ mg̃a kakanín at iinumin, gaya ng̃ mg̃a sardinas, karne sa lata, alak, serbesa, at iba't iba pa na totoóng mapapakalawig kung isaisáng sasaysayin ko rito.

COMERCIO, ó ang pang̃ang̃alakal. ay ang pagbibil-han ng̃ mg̃a yarì ng̃ agricultura at industria, gaya ng̃ mg̃a pagtitinda ng̃ sarisari, mg̃a pagkain, mg̃a kasuotan, mg̃a kasangkapan, at iba't iba pa. Gayon din, isá sa mg̃a bahagi ng̃ pang̃ang̃alakal ang paupahan ng̃ bahay, patubùan ng̃ salapî, at marami pang lubhâ. Ang pagiikmuhan, baga ma't isáng bahagi ng̃ agricultura, sapagka't halaman, ay matatawag ding bahagi ng̃ industria sapagka't ginagawâng hitso; at matatawag ding comercio, sapagka't pinagbibili.

**Valentin Manglapus**
ABOGADO
*Residencia:* Madrid 234. Tel. 8334.
*Bufete:* Gral. Luna 87. Tel. 4664.

CASEY'S HOSPITAL
FOR
**Sick Shoes and Clothes**
***Dr. Casey Chief Surgeon***
307 M. H. del Pilar. Phone 3878.

***Celestino Chaves***
ABOGADO Y NOTARIO
702 Azcárraga, esquina Juan Luna
***Teléfono 8038.***

PROFESION AT OCUPACION na dili iba't nagkakahulugan ng mga hanap-buhay din ó mga gawâin ay hindî masasabing agricultura, ni industria, ni comercio. Ang panggagamutan, pagtatanggól sa mga hukuman, pagiinhinyero, pagaarkitekto, atbp., ay ang tinatawag na mga *profesión*; samantalang ang pagsasaka, pagpasok sa mga opisina at pagawâan, ang paggawâ ng mga sarisaring kailangan, ang paghahakal ng kabayo, ang pangungutsero, ang pagtitinda, at iba pa, ay mga *ocupación*. Ngunit ang katotohanan, ang lahat ng taong nabubuhay sa pamamagitan ng kanyáng katalinuhan at sa banat ng mga bisig, ay pawàng kawal manggagawâ.

Sa makatuwid, pagkatapos na makilala natin ang mga sarisaring hanap buhay ng tao, ang susunód nama'y ang pagiisip ng mga paraáng ikasusulong natin sa katalinuhan, sa kabuhayan, at sa samahán. Ang pagkabantog ng isáng tao sa samahán ay nagbubuhat unanguna ná sa mga dakilàng ugalì, sa pakikipagkapuwà at sa marangál na pamumuhay. Kung tayo'y mga tabakero, halimbawà, na kumikita lamang ng sampûng piso isáng linggo, bakit dî natin hangarin at sikaping maging magsasaka, manggagamot, manananggol, inhinyero, ó mangangalakal, na maáaring kumita ng daándaáng piso? O! ang pagunlad ng isang hanapbuhay ay na sa naghahanap buhay din, na, sa pamamagitan ng matiyagang pagaaral ng masusing pagtitipid, at ng boông pusòng pagtitiis, ay maáaring mátamo ang bunga ng mga pagpapakahirap na dili iba't mauulit ko ang ginhawa ligaya at karangalan.

Dapat nating alamin na kung ano ang kalagayan ng mga hanap-buhay ng tao ay siya rin namáng katayûan ng bayang kinatitirahán nila. Ang bayang masaganà ay hindî naging gayón dahil sa ibáng paraán kundî dahil sa pagsisikap ng mga mámamayan at sa mabuting pangangasiwà ng mga pinunòn roon.

Sa makatuwid ang Pámahalàan ay may malaking kinalaman sa pagunlád ng isáng bayan pagka't siyang namamahalà sa bayan, at gayón din namán ang bayan na may malaking kinalaman sa pagbuti ng pámahalàan, pagka't sila ang naghahalál ng mga pinunò.

## 4 PAGLILINIS SA BAYAN.

Ang paglilinis sa bayan ay tungkulin din ng pámahalàan. Ang Kagawarán ng Sanidad ay itinatag upang siyang magpatupád ng pagpapalinis sa mga lansangan, sa mga liwasan, sa mga pamilihan, at sa mga bakooran ó sa lupàng kinatitirikan ng mga bahay sa loób at labás ng bayan. Marami pang lubhâ ang kalinisan ng bayan na ibig kong sabihin, ngunì't ipinaúubayà ko na, sa mga giliw na mangbabasa, ang pagkukurò ng kung anóanó.

Ang kalinisan sa lahat ng bagay—sa ugalì, sa pagkain, sa pananamít, at sa pamamahay, ay dapat tàglayin ng sino mang tao para sa kagalingan ng sarili at ng madlâ.

## 5 PASIYALAN SA BAYBAY DAGAT; PALIGUAN, LANGUYAN, TALUNAN AT BANGKAAN SA LOOK; MGA GLORIYETA AT PARKE SA MGA NAYON.

Hindî natin maitatakwil na isá sa mga kailangan ng tao, samantalang siya'y lumalawig sa balát ng lupà, ay ang paglasáp ng ginhawa ng katawán na laging hapò sa pagtuklás ng ikabubuhay, at ng pusò't isipang sa tuwî na'y nakikibaka sa mga suliraning pangarawaraw. Ang taong lagì sa pighatî at mga himutók ay parang kandilà na madalîng naubos. Totoó at ang lahat ng tao ay na sa pagkamatay pagdating ng kapanahunan, ngunì't kaylan ma'y masakit sa kalooban ng sino mán ang magunità ang daglîng pagpanaw sa sangmaliwanag. Ang mga nagsasawâ lamang sa buhay ang nagkakamalîng magpatiwakál, at ang mga gayóng pagsasawâ ay nagbubuhat sa mga samâ ng loób, sa dî pagtamó ng kasiyahan ng kanyáng pusò, ó sa matindíng hirap na walâng kalunasan. Kayâ, kung nagugunitâ lamang ng lahát na ang buhay ng tao ay tulad sa isáng bulaklak na nalalantá, ó sa isáng bulâ ng tubig na daglîng lumilipas, inaakalà kong hindî dapat aksayahín ang panahón, sapagka't ayon sa kawikàan, «ang panahón ay gintô». Sanhî rito, nagiging kailangan ng isáng bayan at nagiging katungkulan ng pámahalàan, ang maglaán ng mga lugar na pasiyalan upang sumagap ng sariwàng hangin ang mga taong hapô sa paggawâ; gayon din, dapat maghandâ ng mga paliguan, languyan, talunan, at bangkaan sa isang poók ng kalapit na dagat, upang makapagpalakas at makapanariwà sa katawán; at saka ng mga gloriyeta at parke sa bawà't nayon, upang maging libangan ng mga naninirahan doón. Totoó, at kung walâng salapî ay hindî maáaring matupad itó gaya rin naman ng isáng dukhâ na nagkakagustong bumili ng isang automobil ngunì't walâ siyang kaya; datapuwâ't, kung talagang nanasàin at pagpipilitang gawín, kung hindî man maáarì sa mga panahóng itó, marahil ay maisasagawâ sa loób ng mga taóng darating. Kayâ kailangan nating ngayon pa'y isipin na ang mangyayari sa kinaumaga-

Gregorio T. Librojo, Lcd. D. S.
Dentist and Surgeon.
Procedimiento Moderno.
*Dental Gabinet* 189 Rosario, Binondo, Manila, P. I.—Tel. 3480.
*Residencia:* Benavides No. 428 Trozo, Manila, P. I.

han, upang makapaghandâ ng mga kailangan.

PASIYALAN SA BAYBAY DAGAT.—Ipaghalimbawâ nating gumugol ang munisipiyo ng apat na libong piso sa pagpapalagáy ng pader na bató sa baybaying dagat na pinupukulán ng alon, at sa pagpapápatag ng lupà, pagpapalagáy ng mga bangkô at ilaw, at iba pang kailangan. Sa playang ito ay magbubukod ng isáng katatagang sukat ng lupà na kukulungin ng bakod na bakal na isáng metro at kalahatì ang taás. Ang lugar na itó, na bingit na bingit sa tubig, ay lalagyán ng mga pasiyalang sasakyán, silyang may gulóng para sa dalawáng katao, na itutulak ng mga batàán, at ang mga itó'y paúupahan sa bawa't may ibig na sumakay, sa halagáng katamtaman ó piso bawa't isáng oras. Sa akalà kaya ninyo ay hindî itó kawiwilihan ng mga tao, lalònglalò na yaóng mga may sakít na hinahatulan ng mga manggagamot na sumagap ng hangin sa dagat? At sa akalà kayâ ninyó ay hindî maáaring kumita ang mga paupahang itó ng daándaáng piso bawa't isáng araw at libolibong piso isáng buwan, na sa loób ng sandalîng panahon ay makasusulit sa lahát ng nagugol ng munisipiyo, ó ng mga taong bayan? Pagkatapos ng mga dalawáng taón, marahil ay lalòng lálakí ang kikitàin ng pámahalàan natin sa ganitóng paraán na ikararangál pa ng ating bayan.

PALIGUAN, LANGUYAN, TALUNAN, AT BANGKAAN.—Ang paliligo sa dagat ay isa sa nagiging mabisàng kagamutan na inihahatol ng mga manggagamot sa ibáng may sakít, at sa taong malakás man ay lalòng nakabubuti ang paliligò, paglangóy, pagtalón sa tubig, at ang pamamangkâ na pawàng nakapagpapalakás ng katawán, tangì sa itó'y mainam na libangan, lalònglalò na sa mga binatà't dalaga

Maraming tao sa ngayón ang natatakot maligò ni lumangoy, ni tumalón sa dagat na kapanig natin, sapagka't maraming dikyà at mga iba't ibá pang sagabal ang nakapipigil; gayón din sa panganganib na baká malunod.

Kung sakaling pahintulutan ng Kagawarán ng Gawàing Bayan (Buró de Obras Públicas: Obras del Puerto), ó ng iba páng kagawarán ng pámahalàan na may karapatan sa ano mang gawàing natutungod sa mga pampangin at look: Sa kaunting puhunan ay maáaring magpalagáy tayo ng panalàng-dikyà at panglinis dagat na mga lambat sa isáng maliit na lugar na kukulungin nito, para sa paligùan noong mga maseselang, na babayad ng halagáng peseta bawa't isa. Kung itó'y hindî maáarì, kahit na yaóng maliliit na paligùang-tabla na binabatak sa tubig ay maipagagawâ sa lugar noon ó kung dî kayâ ay magpagawâ na lamang ng isáng mainam na bahay banglawan na magkakaroón ng dalawangpu't apat na silid, bawa't silid ay may katatagang laki para sa dalawang katao, magkakaron ng isang gripo, sabon, toalya, salamin at suklay, na pauupahan naman ng isang salapi, ó kung makano man. ang bawa't silid sa bawa't isa ó dalawang tao na gumamit noon sa pagbakanlaw pagkatapos maligô sa dagat. Kung itó'y hindî sakaling pahintulutan ng Pamahalaang Lalawigan na maipagawâ at tungkulin ng ating munisipiyo; kahit sa pamamagitan ng isang samahan ay maitatayô ito.

Ang munisipiyo, o sino mang samahan, na mangangasiwa ng kaayusan ng nasabing paliguan, ay kailangang magkaroon ng isa o dalawang *lancha de motor*, mga manglalangoy, at lambat, upang gamitin sa pagsagip ng sino mang taong nalulunod sa dagat na nabanggit; gayon din, isang *aparato* para sa pagsasauli ng hininga ng isang nalunod at pagpapaalis ng tubig sa tiyan, ay kailangang ihanda. Ito ang tatawaging "Life Saving Corps" ng bayang Pasay. Sa ganitong paraan, maraming taga rito at taga ibang lugar ang mabibighaning maligo ng walang agamagam sa nasabing look.

Tungkol sa bangkaan, ang munisipiyo o samahan ay maaaring bumili ng labingdalawang bangkang manipis, maganda at matulin, na may habong, para paupahan sa mga taong nagkakaibig sumagwan o gumaod sa dagat. Ang mga bangkang ito'y mapapaupahan kahit sa halagang isang salapi isang oras, at kung pabangkero pa ay walongpung séntimos isang oras.

MGA GLORIYETA AT PARKE.—Sa bawa't isang pook ó nayon ay kailangan din ang maglagay ng isang parke, ó lugar na maaaring paglaruan ng mga pangpalakas ng katawan, at sa gitna nito ay isang gloriyeta, ó maliit na kiyosko, na maaaring magamit sa mga panayam, pulong, ó tugtugan.

Sa pamamagitan ng mga ito, lalonglalo na sa mga panayam at tugtugan, ang bayan ay mahihirati sa lalong dakilang ugali at sa ganitóng mga pagkakataón, ay maraming bagay ang matututúhan ng mga nakikinig, tangì sa kasayahan na kanilang mátatamó. Halimbawà, maglagáy tayo ng isáng gloryeta sa nayon ng Santa Clara, ó kabayanan; isá sa Malibay; isá sa Mabong; isá sa San Roque; isá sa Balitì; isá sa San Rafael; at isá sa tapát ng Cine Mithì sa daang Bago Sa bawa't isá sa mga itó ay magdaraos ng mga talumpatian, minsan isáng buwan, tungkol sa pagaalagâ sa mga batang bagong panganak; tungkol sa pakikipagkapuwa tao; tungkol sa ikauunlad ng mga hanap-buhay; mga kasaysayan; at iba't iba pang pangpatalino ng isip; at mga tugtugan at kantahang makapagbibigay lugod sa mga nakikinig, at sa gayo'y ang mga tao ay untiunting matututong magpahalaga sa buhay na kailangang pahiyasan ng dakilang asal at wastong ugali.

Ang lahat ng ito, mga kababayan, ay maitu-

turing ninyo marahil na matatayog na pangarap ng isang nagmimithi sa ikadadakilà ng bayan; nguni't inyong pagisipisipin kung nararapat ngâ ó hindî, ó kung maaari ó hindî, kaylan ma't pagpipilitang gawin.

6. PAGDALAW NG MGA PINUNO SA BAWA'T NAYON.

Ayon sa nasasabi (Op. Sec. Eje. Dic. 1906) sa Kodigo Munisipal, tungkol sa pagdalaw ng mga pinunong bayan sa bawa't nayon: bihira ang nakikikita kong nakatutupad nito. Kaya, pag ang isang pangulo ay minsan lamang nakapagpasiyal sa isang nayon upang makialam ng kaunti sa kanilang kailangan ay dinadakila na ng mga taga roon; nguni't dapat nating alamin na yao'y talagang katungkulan niya. Mandi'y hindi lamang yaon ang tungkulin ng isang pangulo; kailangang sa sariling kusa niya ay maglakbay siya sa bawa't nayon upang tingnan ang mga kailangan at ang magagawa niyang tulong sa mga naninirahan sa nasabing lugar. Gayon din, kailangang tumulong ang punong bayan sa mga kawani ng Sanidad para sa pagiingat ng mga sanggol ng inang hindi marunong magalagâ sa bata, na karaniwang nangamamatay sa sakít na suba ó taón, at iba pang kalinisan na dapat tuparin.

7. PAGPAPAHAYAG NG MGA KAUTUSAN

Sa bawa't tanyag na lugar, poók, ó nayon, ay kailangang maglagay ng mga lathalaan ng mga kautusang pinagpapasiyahan ng konseho munisipal, upang matalastas ng mga mamamayan at ng naiiwasan ang mga gawaing ipinagbabawal. (Basahin ang Sec. 38-C Ley 82, Cod. Mun.)

8. ANG MGA PULIS.

Isa sa dapat sikapin at pagpasiyahan ng konseho ay ang pagtataas ng sinasahod ng mga pulis, upang ang mga ito ay makatupad ng boong siglá sa kanilang mga tungkulin. Bilang tulong ng isang pangulong-bayan, o ng puno ng mga pulis, sa kanilang mga nasasakupan, ay lalong mainam kung sila'y maturuang sumulat at magsalita ng wikang inglés o kastila, upang sa dakong huli ay may hintayin silang pagsulong sa mataastaas na katungkulan na may malaking sasahurin kay sa dating kalagayan. Ang pagpupulis ay isang katungkulang mahalaga, kaylan ma't pinahahalagahan ng may katawan, nguni't nagiging pangkaraniwang sa mga mata ng ibang di nakaaalam. Ang mga pulis at sekreta sa mga lalong malalaking bayan na gaya ng Europa at Amérika, ay nababantog dahil sa kaaaral ng mga paraan ng paghuli sa mga salarin. Kaya, upang maging bantog naman ang ating mga pulis dito ay kailangang tumulad sa mga yaon.

## IKALAWANG BAHAGI

TUNGKOL SA MGA SAMAHAN AT KAPISANAN.

*1. Ang Pagtatatag ng «Kapisanang Bayan»*

*1. PAANO ANG PARAAN na dapat gawin upang magkakilakilala at magkaisa ang mga naninirahan sa isang Bayan?*

*2. Gayon din, upang tayo'y magkadamayan at magtangkilikan sa lahat ng sakunâ at bagabag, gaya ng kung magkasakit, mawalan ng hanapbuhay, magkaroon ng usapin laban sa mga manglalabag ng katuwiran at mamatay halimbawà?*

*3. Gayon din, upang tayo ay makapagpatayô rito ng isang malaking Pagawaan (fabrica) ng tabako, sigarilyo at maskada; para sa kaginhawahan ng mga mangagawang naninirahan sa bayang ito at sa kapakinabangan ng boong samahan?*

*4. Gayon din, upang mapalagô at mapamahal ang hanapbuhay na pagiikmuhan ng mga taga rito, at maiwasan ang mga pagod at puyat na kasalukuyang tinitiis ng mga may-arì sa pagtitinda ng kanilang kalakal magdamagdamagan sa pamilihan?*

*5. Gayon din, upang mapasaganâ ang bayan sa mga isdang nahuhulì sa look ng Maynilà at iba pang dagat, at huwag mámahal ang mga ulam na siyang lalong nagpapahirap sa mga maralitang kababayan natin?*

*6. Gayon din, upang mapaunlad ang mga iba't ibang hanapbuhay rito, gaya ng pagsasaka (ó pagtatanim ng mga halaman at pagpaparami ng mga hayop); pagtitinda ng mga sarisarì; pagkakarpintero; pagkakaretela, pagpapaúpá; at iba't iba pa?*

*7. Goyón din, upang makatulong tayô sa Pamahalan sa mga ibang gawaing bayan, gaya ng pagbubukás ng mga paaralan: pagpapagawâ ng mga parke at gloryeta; pagdaraos ng mga panayam, pulong at tugtugan sa mga nayon; pagpapaganda sa mga bahay; paglilinis ng bayan; pagtuturô sa mga di nakaaalâm ng mga dakilang tungkulin ng isang mamamayan, atbp?*

*8. Gayon din, upang makapaglathalà ng isang pahayagang panglinggo linggo, na magbabalità ng mga pinagpapasiyahan sa Konseho Munisipal sa Hunta Probinsiyal, at sa Kapulungang Bayan: magulat ng mga ginagawâ ng samaha't kapisanan, ng mga nangyayari sa lóob at labas ng Pasay, at iba't iba pang kalututúhan ng mga bagaybagay na ikadadakilà ng asal at kaugalian?*

*ANG KASAGUTAN ng mga tanong na ito ay inyong mababasa sa mga sumusunod na Panukalà tungkol sa pagtatatag at pagtataguyod ng mga samaha't Kapisanan, na labás sa mga tungkulin ng isang punong-bayan.*

Ang nauukol na sagót sa walong katanungang nauna ay dili iba't kailangan ang pagtatatag at pagtataguyod ng isang Samahang

angkalahatan, na kikilanling "Kapisanang Bayan, Pasay, Rizal", na bubuuin ng mga iba't ibang kapisanan, gaya ng:

Kapisanan ng mga Tabakero, Sagisag: Larawang tabako.

Kapisanan ng mga Magiikmo, Sagisag: Dahon ng ikmo.

Kapisanan ng mga Mangingisda, Sagisag: Isda.

Kapisanan ng mga Magsasaka, Sagisag: Araro.

Kapisanan ng mga Mangangalakal, Sagisag: Salapi.

Kapisanan ng mga Empleado at Maestro, Sagisag: Aklat at Panitik.

Kapisanan ng mga Artista, Músiko at Pintor, Sagisag: Nota at Pinsil.

Kapisanan ng mga May-ari ng Sasakyan, Sagisag: Gulong.

Kapisanan ng mga Karpintero at Kosinero, Sagisag: Lagari at Gulok.

Kapisanan ng mga Sastre at Barbero, Sagisag: (Karayom) Panukat at Gunting.

Kapisanan ng mga Sapatero at Tsinelero, Sagisag: Hugis sapatos.

Kapisanan ng mga Magpapaupa, Sagisag: Larawan ng Bisig.

Ang bawa't isa sa mga nasabing kapisanan ay pamamahalaan ng isang pangulo, isang pangalawang-pangulo, isang kalihim, isang taga-ingat-yaman, isang tagasuri, isang tagapag-ayos, at tatlong kinatawan na ihahalal ng mga kasapi sa tuwing ika 25 ng Disiyembre at magsisimulâ ng panunungkulan sa ika 30 ng buwan ding yaon. Maaari, sa kapasiyahan ng Lupong Pamunuan, na makapagtatag ng mga lupon sa bawa't nayon, para sa lalong ikapapanuyo ng kapisanan.

Ang tatlong Kinatawan ng bawa't kapisanang nabanggit ay siyang bubuo ng Kalipunan ng Kapisanang Bayan, at magsisimulâ ng pagpupulong sa unang araw ng Enero ó sa ano mang araw na pagkaisahan. Ang Kalipunang ito'y pamamahalaan ng isang Speaker (pangulo), isang Kalihim, at isang Taga-ingatyaman, na ihahalal ng mga kasapi sa kalipunan sa unang araw ng pagpupulong at noon di'y magsisimulâ ng panunungkulan.

Ang Speaker ng kalipunang ito ay may karapatang maghalal ng mga sumusunod na lupon at iba pang lupon na mapagkaisahan ng kalipunan:

Lupon sa Pananalapî, na bubuuin ng isang pangulo at labing-isang kasapi, na mga kinatawan sa kalipunan

Lupong Tagabatas, na bubuuin ng isang pangulo at tatlong kasapi.

Lupong Tagapagsiyasat, na bubuuin ng isang pangulo at tatlong kasapi.

Lupong Katarungan, na bubuuin ng isang pangulo at pitong kasapi.

Lupon sa Paaralan at Libangan, na bubuuin ng isang pangulo at tatlong kasapi.

Lupon sa Pangangalakal at Hanap-buhay, na bubuuin ng isang pangulo at limang kasapi.

Lupong Mamamahayag, na bubuuin ng isang pangulo at tatlong kasapi.

Lupon sa mga Saklolo, na bubuuin ng isang pangulo at tatlong kasapi.

Lupon sa Ikabubuti ng Bayan, na bubuuin ng isang pangulo at limang kasapi.

Ang lahat ng mga panukala, tagubilin, mungkahi, kapasiyahan, at gawain ng kalipunan, ay kailangang isangguni ó pangasiwaan ng mga lupon sa itaas na kinauukulan.

Sino mang naninirahan sa bayan ng Pasay ay tatanggapin na maging kasapi sa alin mang kapisanan; halimbawa: Si A, isang manggagawa ng tabako, ay nagnanasang umanib sa Kapisanang Bayan. Siya'y lalagda ng isang kasulatan ng kanyang pagsapi sa Kapisanan ng mga Tabakero, at ang kapisanang ito, sa pamamagitan ng kanyang mga kinatawan, ay magbibigay-alam sa Kalipunan; at ang mga kinatawan ng nasabing Kalipunan ang magpapahiwatig naman sa lahat ng mga kapisanang nasasakop ng Kapisanang Bayan. Pagkatapos sangayunan ng lahat ng kapisanan ang paganib ni A, sa makatuwid ay hindî lamang sa Kapisanan ng mga Tabakero siya nabibilang na kasapi kundî sa lahat na ng kapisanang nabanggit sa mga unang talatà.

Kung matuloy ang balak na ito, marahil ay hindî lamang tatlong libong tao ang aanib sa Kapisanang Bayan, at dahil dito'y kailangang bahagiuin sa iba't ibang kapisanan, gaya ng nasasabi sa unang pangkat, upang magkasiya sa isang lugar na pagdarausan ng pulong. Tangi sa roon, ang ganitong pagkakabahabahagi ay lalong magpapasigla sa mga iba't ibang manggagawâ, na gaya ko na nga, na umanib sa kapisanang kinauukulan; sapagka't ano ang magagawâ, halimbawâ, ng isang manunulat na umanib sa kapisanan ng mga mangingisda samantalang hindî niya nalalaman ni nakikilala kung ano ang tinatawag na dala ó pantî? Sa makatuwid, kung pulos mangingisdà ang magkakasama lamang sa loob ng kanilang kapisanan, ay lalong mapagaaralan nila ang paraang mabuti sa paghuli ng maraming isda na maipagbibilí sa kanilang mga iba't ibang kapatid sa kapisanan. Ang Kapisanang-Bayang itó ay magiging buklód ng pagkakapatiran ng mga naninirahán sa bayan ng Pasay, upang maiwasan ang malimit na pagiiringan at pagkakaálitan at sa lugar noo'y mapapalit ang matamís na pagsasáma, pagdadamayan, at pagtatángkilikan na siyang luwalhatî at karangalan ng isang bayan.

Pagkatapos nang maipaliwanag ang paraán ng pagtatátag at pagtataguyod ng mga nasabing kapisanan, ang ating tutukuyin naman ngayon

ay ang pinakamahalagáng layunín na gaya ng sumusunod:

2 *Sakaling ang isáng kasapì ay magkasakit.*

Ang isá sa mga kamaganak ó kaibigan ng may sakit na kasapí ay magbibigay alam sa Pámunuan ng kapisanang kinauukulan ng nasabing may sakít. Kapagkaraka ang kanilang Tagasurì ay paroroon sa bahay ng may sakit upang siyasatin ang kanyang kalagayan at kung mapatunayang may karamdaman, ang nasabing tagasurì ay magbibigay alam agad sa Médiko ng Kapisanang Bayan upang ito'y siyang gumamot sa kasaping nangangailangan ng kanyáng «asistencia.» Ang lahat ng «receta» ng médikong itó ay kailangang sulatan ng ngalan ng may sakit, araw ng paggamot, at halaga ng gamót, na palalagdâan sa pamilya ng nasabing kasapì, bilang katunayan ng mga nangyari. Ang nasabing reseta ay itatagô ng parmaséutiko ng botika ng Kapisanan, upang ipagbigay alam sa Tagapagsiyasat ng Kalipunan. Dapat unawâin na kung magkataong magkasabay-sabay ang mga kasaping may sakit, ang lalong malubha muna ang siyang uunahing saklolohan ng manggagamot. Gayon din, yaon lamang mga gamot na totoong kailangan ang maaaring ipagkaloob ng walang bayad sa bawa't may sakit na kaanib; datapuwa't yaong mga pabango, pulbos ng mukha, at binagre aromatiko, ay dapat pagbayaran sa botika ng kapisanan.

Ang panganganak ng asawa ng isang kasapi ay ipalalagay na parang pagkakasakit na rin, at dahil dito'y kailangang daluhan ng médiko at *nurse* ng kapisanan, at gamutin ng walâng bayad

Kung may nasusugatan na kailangang gamutin agad, kahi't hindî kasapì sa kapisanan ay maaaring gamutín ng walâng bayad, pagka't itó'y isang bahagi ng pagkakawang gawâ.

3. *Sakaling ang isang kasapì ay mawalan ng hanapbuhay.*

Sisikapin ng lahat ng mga ibang kasapì na ihanap ng pagkakakitaan ang isáng kasama nilá na nawalán ng hanap-buhay, at kung mapatunayan na ang pagkawalâ ng hanap-buhay ay dî nagbuhat sa kapabayàan, sa katamaran, ó sa iba pang pagkakasala, pagpipilitang abuluyan ang nasabing kasapì ng ayon sa makakaya ng kapisanan. Ito'y isá sa mga dakilàng gawâin ng katauhan.

4. *Kung magkaroon ng usapin laban sa mga dî kasapì.*

Ang isáng kasapì na aglahìin, saktán, ó apihin ng ibang tao, ay ipagtatanggol ng kapisanan, hanggang sa haráp ng Hukuman, kaylan ma't karapatdapat ipagtanggol. Dahil sa mga bagay na itó ay magkakaroon ng isang Manananggol (abogado) ang kapisanang bayan para sa kanyang mga kasapì. Nguni't ang mga katiwalian na gaya ng paghibilihan, pagkakasunduan, at pagpapatibay, ay kailangang ibayad sa abogado ng kapisanan para sa «fondo» ng kapisanan din.

5. *Sakaling mamatay ang isáng kasapi*

Ay ipalilibing ng kapisanan, at ang magúlang niya, asawa, anák, ó kapatid na kanyáng tinatangkilik ay pagkakalooban ng halagang Limangpung Piso (₱50 00), bilang abuloy ng kapisanan, upang maipagtawid gutom ng mga kaawaawang ulila. At kung sakaling ang mga naulila ay batà pang maliit na walang nagkukupkop, ito'y aampunin ng kapisanan sa kanilang Bahay-Ampunan ng mga Ulila't Salantâ.

ANG ITATANONG NINYO MARAHIL NGAYON AY KUNG SAAN PAPAPANGGALINGIN ang mga kwartang dapat ibayad sa manggagamot, sa botika, sa manananggol, at yaong ipagpapalibing sa mga mamamatay na kasapì at ang ipinagkakaloob sa kanilang mga pamilya. Ganito ang maitutugong ko at maipaliliwanag buhat sa sariling pagkukurò: Sa pamamagitan ng ábuluyan ng mga kasapì at sa papakinabangin ng salapíng itó na ipaghahanap-buhay ng kapisanan.

Halimbawà: Ang Kapisanan ng mga Tabakero ay magkaroon ng 200 kasapì; ang mga magiikmo ay 500; ang mga mangingisdâ ay 150; ang mga magsasaka ay 200; ang mga mangangalakal ay 400; ang mga empleado at maestro ay 350; ang mga artista, músiko at pintor ay 100; ang mga kotsero, may-ari ng sasakyan at mga magbabakal ng kabayo ay 400; ang mga karpintero at kosinero ay 150; ang mga sastre at barbero ay 80; ang mga sapatero at tsinelero ay 40; at ang mga iba't ibang magpapaupa ay 500; sa makatuwid ang lahatlahat na kaanib sa Kapisanang Bayan ay. . 3,070

Kung ang isang kasapi ay umabuloy ng dalawang piso lamang taontaon, sa makatwid ang tatlong libo at pitongpung kasapi ay makaaabuloy ng halagang ANIM NA LIBO ISANG DAAN AT APAT NA PUNG PISO (₱6,140.00) sa loob ng isang taon. Ito ang balak na papanhik na salapi.

Ang papanaog naman ay kumulang humigit sa sumusunod na balak:

**Restaurant "DIMAS-ALANG"**

**Blg. 555 Nueva, Binondo.**

May malilinis at mabubuting pagkain.

Mura at maaaring magdalá kahi't saang bahay o kawanihan.

| | |
|---|---|
| Upa sa manggagamot, isáng buwan ₱50.00; sa isáng taón . . . . . | ₱600 00 |
| Upa sa Parmasóutiko, isáng buwan ₱50.00; sa isáng taón . . . . . | 600 00 |
| Upa sa Bahay-Kapisanan, kalakip ang botika, isáng taón. . . . . . . | 360 00 |
| Upa sa Mananangol, isáng buwan ₱30.00; sa isáng taón . . . . | 360 00 |
| Upa sa mga ibang kawani at utusan, isáng taón . . . . . . . . . | 600 00 |
| Gugol sa mga paglalakad, kasangkapan sa opisina, selyo ng korreo, atbp. | 600.00 |
| Abuloy sa mga may sakít at mga pamilya ng namatay. . . . . . | 750 00 |
| Mga gamot na kailangan ng botika. | 480 00 |
| Kabuuan ng mga gugol sa isáng taón. | ₱4,350 00 |

Buwasin natin ang ₱4,350 00 sa kikitaing ₱6,140.00, ang lalabis pa ay ₱1,790 00

Hindî lamang itó ang pagkakakitaan ng nasabing Kapisanang Bayan at kaypala ay maaaring kumita kung sasampung libong piso lamang sa loob ng isáng taón, sa pamamagitan ng mga sumusunod na panukala:

*6. Botika o tindahan ng mga gamot at pabango*

Ang tindahang itó na itatayo ng kapisanan ay para sa mga kasapì lamang, ngunì t, gaya ng nasabi na sa dakong unahan, hindî ang lahat ng tindá rito ay maáaring mahingî na lamang kundî mayroon ding mga dapat bilhin ng mga kasapì, katu'ad ng mga pabangò, pulbos, sepilyo ng ngipin, espongha, mga gamot na pangpalusog ng katawan, atbp. Ano pa't sa papakinabangin dito ay halos makasasapát na sa mga ibáng panggagamot na panglunas sa mga may sakít. Sa makatuwid ang kikitain dito ay dapat madagdag sa bocng kita ng kapisanan, na marahil ay hihigit sa limang pung piso isáng buwan, ó anim na raang piso (₱600.00) isáng taón.

*7. Lagakan ng salapì ng Kapisanan ó "Banco de Ahorros."*

Ito'y isa sa mga bahagi ng Kapisanang Bayan na lubhang mahalaga; isa sa makapagtuturo sa bawà't kasapì na makapagsimpan ng salapî para sa dakong hulí, na maáasahan kung siya'y huminà Isa sa matatakbuhan ng mga kasapì sa oras ng pangangailanganan. At isáng máinam na paraang pakikinabangan ng maraming salapî ng kapisanan, at makatutulong sa ikapagpapalagò ng pagsasaka, mga hanap-buhay, at pangangalakal. Ganito ang dapat nating gawin:

Ang Kalípunan ay maghahalal ng isang Lupon na bubuin ng mga kasapìng may ipinana nagutan sa kapisanan. Sila'y gagawa ng Palátuntunan tungkol sa pagtatatag ng «banco de ahorros» na nabanggit, itatalà nila sa Pámahalaan (División de Archivos y Patentes) upang kilalánin ang nasabing samahan. Ang bawa't kasapì, ngayon, na ibig maglagak ng salapî sa nasabing banco ay tatanggap ng pakinabang ó tubò na limang sentabo sa piso (5%); at yaong mga nangangailangang humirám ay magbabayad naman sa samahán ng patubong sampung sentabo sa piso (10%) bawa't isang taon; sa makatuwid ang kapisanan ay magkakaroón ng puhunan na magmumulâ sa mga kaanib, at magtutubò ng limang sentabo sa piso, na kapakinabangan din ng lahát.

Hindî sa lahát ng oras at sa habang panahon ay malakás ang katawán ng isang tao at maáaring kumita ng malaking salapì. Kailangang sa mga araw na kumikita ng maramì ay magtipon upang kung dumating ang araw ng pananalát ay may karakarakang magugugol. Nguni't ipaghalimbawâ natin na ang isang kasapì ay walâng salaping natipon maliban sa mga ilang págáarì na kailangang isanglà; marahil ay hahanap siya ng ibang taong mauutangan niya ng salapì, at hindî kailâ sa madlà na marami sa mga nagpapatubò ng salapì ay katulad ng ibong «vampiro» na malakás humitit ng dugô ng isáng kaawàawang nangungutangan. Mababangmababâ na yaong tinatawag na sampung sentimo sa piso bawa t buwan, na sa loob ng isang taón ay áabot sa 120% ng kapital, samantalang sa «banco» ng kapisanan ay 10% lamang. Dito'y mapagkukurò ninyo ang malaking kagaánan ng nasabing banco para sa mga kasapì. Bi abalak kong ito'y kaliitan na ang makinabang ng tatlong daang piso (₱300.00, isang bwan, ó tatlong libo't anim na raang piso (₱3,600.00) isang taón. Bakit hindî lalagò ang nasabing samahán?

*8. Pagawaan ng Tabako.*

Ang Kapisanan ng mga Tabakero ng malaking Kapisanang Bayan ang siyang mangungulo sa pagtatayo ng isang pagawaan, na tatangkilikin ng mga ibang kapisanan ng Kalipunan. Ipagpalagay natin na ang kailangang puhunan sa unang pagbubukas ng pagawaan ay Sampung Libong Piso ( P-10,000 00). Ito'y mali'ikom sa pamamagitan ng pagbibilí ng mga tinatawag na «acciones» sa halagang piso bawa't isa. Yaóng mga kahiraphirapang kasapi ay maaaring kumuha ng isang *accion*, at yaon

**Vicente A. Diaz**
DENTISTA
24 Escolta. Sa itaas.
Teléfono 4969.
Gumagamit ng mga kasangkapang ayon sa bagong panahon.

namang may mg̃a ikinakakayang kaanib ay makabibili kabit lima, sampu, ó ilan mang *acciones*. Sa dinamidami ng mg̃a naninirahan sa Pasay, inaakala kong maluwag matipon ang ganitong halaga Kung magkagayon na, di ang lahat ng mg̃a nanasok sa mg̃a pagawaan ng tabako sa Maynila ay di na maglalakbay pa roon, at kaypala ang bawa't isa ay maging *accionista* pa sa nasabing kapisanan. Sa biglang pagkukuro ay masasabi ninyong ito'y hindi maisagawa at sa katunaya'y malaon na marahil na pinagiisipan ng ilang taga rito na magkaroon ng isang pagawaan nguni't di matuloy. Datapuwa, kung ating pagpipilitan, inaakala kong matutuloy, pagka't ang inilalaki ng isang puhunan ay naroroon sa mg̃a maliliit na pinagsasamasama.

Ng̃ayon, kung matapos maitatag na ang nasabing pagawaan, sa bawa't bayang pinakamalaki ng mg̃a lalawigan sa Pilipinas ay maglalagay tayo ng mg̃a katiwala (agente) na siyang magbibili ng ating mg̃a nayayaring tabako, sigarilyo at maskada. Ito'y na sa mabuti ring «propaganda» ng kalakal at nang̃ang̃ailang̃an ng malaking sipag ng mg̃a pinunò at kasapi ng kapisanan Kung ito'y matupad, ilang tao ang bubuhayin ng hanap-buhay na ito sa Pasay; gaanong salapi ang maibabayad nito sa munisipiyo; at gaano naman ang papakinabang̃in ng boong samahan; kayo ang makapagsasabi.

*9 Pagiikmuhan*

Ang lahat ng mg̃a bagaybagay na nauukol sa ikalàlago ng hanapbuhay na ito ay na sa malaganap na kapamahalaan ng Kapisanan ng mg̃a Magiikmo. Sa kasalukuyan, ang mg̃a ikmo ay mahirap palusugin, mahal ang pataba, at maraming pagod ang pinupuhunan ng mg̃a mánananim. Hindi pa gaanong kasakitsakit ang lahat ng ito na gaya ng pagkatapos mailuwas ó madalá sa loob ng Pamilihan, ang kaawaawang mg̃a may-ari ay hanggang umaga pinapaghihintay ng mg̃a mamimiling natutulog lamang at pagkamulat ng mata ay nagmamadali sa pagbili at pagpapasalánsan; uunahin munang ipabalot ang lahat ng masasamang ikmo ng walang kasunduan, at pagkatapos ay saka lamang tatawaran ng pagkamuramura ang malalapad at maiinam na ikmo na nahuhuli. Sa katakutan naman ng mg̃a may-ari na baka di mabili ang kanilang ikmo, at sa puyat na tinitiis, ay napipilitan tuloy na ibigay sa napakababang halaga ang kanilang kalakal. Dahil dito, yaong mg̃a naunang ikmo na may kaliitan sa nang̃ahuling binili, ay sapilitang magkakahalaga ng lalong mura Kayâ, kung ito'y pinupuna lamang ng mg̃a magiikmo rito sa atin, ay dapat na umisip ng mg̃a paraan upang maiwasan ang ganitong pag-api ng mg̃a mamimili.

Ganitó ang inaakalà kong mabuting gawin natin: Ang mg̃a ikmo ay magkaroon ng apat na uri, Ang pinakamalakingmalaki sa lahat ay tatawaging "panguna"; ang sumusunod ay "pang̃alawa"; ang maliitliit dito ay "pang̃atlo" at ang kaliítliitan ay "pangkulalat". Sa makatuwid, ang halagá ng mg̃a ikmóng itó ay ibabagay sa urlòg tinatagláy. Halimbawa; ₱1.00 isang balot ng pang̃una; ₱0.80 isang balot ng pang̃alawa; ₱0.60 isang balot ng pang̃atlo; at ₱0.40 isang balot ng pang̃ulalat. Pagdating sa pamilihan ay ipakikita na lamang sa isang mámimili ang kanyang ikmó, bibilang̃in kung ilang balot, at pagkatapos ay bibigyan ng sulat na katibayan na kanyang tinanggap ang nasabing ikmo sa ganoong may-ari at babayaran sa ganoong araw ng Kapisanan ng mg̃a Magiikmo. Ang nasabing mg̃a tagapamahalà ng bilihan ng ikmo ay makikipag-alam sa mg̃a bayanbayan sa lalawigan ng Bulakan, Kapampang̃an. Tarlak, at iba pa, at sa bawa't pook ay maglalagay ng isang katiwalang taga roon na siyang magbibili naman sa mg̃a naninirahan sa ganoong bayan. Sa ganitong paraan ang ikmo ay mamamahal, sapagka't walang maraming gugol sa tren, sa karretela, sa pagkain, at iba pa, na pagbabayaran ng mg̃a Magiikmo na gaya noong mg̃a "sacadora" na napaparito pa sa Pasay at nakikinabang ng higit at higit sa puhunan. Kung sakali mang magkaróon ng tinatawag na "competencia", ang mg̃a magiikmo sa atin ay may pagkakaisá at di maaaring madaig ng mg̃a taga ibang bayan.

*10. Pang̃ing̃isdâ.*

Ang Kapisanan ng mg̃a Mang̃ing̃isdâ, gaya ng mg̃a nabanggit nang kapisanan, ay siyang mag-aaral ng mg̃a paraan tungkol sa lalong ikalalagò ng hanap-buhay na itó, ó sa ibáng sabi, ang kapisanang itó ay makapagtatayò rin ng puhunang malakí upang gugulin sa pagpapagawà ng mg̃a maiinam na lambat, mg̃a barkó, at iba pang kasangkapan sa panghuhuli ng mg̃a isdâ sa laot ng dagat, gaya ng ginagawà ng mg̃a taga Europa, Amérika, Hapón, at iba pang malalaking bansâ Tang̃i sa panghuhuli, ang Kapisanang itó ay mamimili ng mg̃a nahuhuli sa mg̃a lalawigan ng Kapis, Sorsogon, atbp, upang tuyuin at maipagbili rito sa Pasay sa panahon ng habagat. Sa makatuwid, tungkol sa lalong ikamumura ng mg̃a ulam dito sa Pasay, para sa kagaang̃an ng mg̃a naninirahan dito, ang nasabing kapisanan ang siyang mang̃ang̃asiwà. Sa ng̃ayon ay dapat


## LA RIZALINA

**71 Rosario, Maynilà, K. P.**

NAGBIBILI ng mg̃a sombrero rito at gayón din ng sa Europa;
ng mg̃a barong lalake, kwelyo, korbata, ibp.
ng mg̃a payong, sapatos, ibp.

**Mura ang lahat.**

nating mápuna, na tayong kasiping lamang ng dagat at katabi ng Maynila ay kadalasan pang nasasalat sa isdâ, at marami pa ang kung minsan ay napipilitang kumain ng mga dilis, sinilyasi, dalapani, at mga maliliit na tuyong tunsoy, na walang "linamnam" na ibinibigay sa katawán ng tao.

*11. Mga iba't ibáng hanap búhay.*

Ang PAGSASAKA ó *agricultura* ay sumasaklaw ng maraming bagay, gaya ng: Pagtatanim ng palay, mais, gulay, kamote, mga halaman, atbp. Gayon din ang pagpapárami ng mga hayop, gaya ng mga kalabaw, kabayo, baka, kambing, baboy, tupa, mga manók, pato, gansâ, pabo, kalapati, atbp. Sa ngayon, maraming bakoran ó lupain ang walang tanim na ano mang halaman dito sa ating bayan, at bihiràng bihirà ang mga may alagang hayop. Isa sa mga bahagi ng pagtitipid ó pagpapayaman ang pagtatanim ng kahit mga gulaygulay man lamang sa mga bakoorang napapabayaan lamang; gayon din ang pagaalaga kahit ilang manok ó baboy na malakas pakinabangan, at kung maáari ay magkaroon tayo ng mga bukirin ng palay upang huwag na sana tayong umasa pa sa ibang bayan ng ating bigás na maisasaing, ng mga gulay at lamang lupà na maisasahog, at ng mga manók na maihahandâ sakaling walâng mabiling isdâ. Kung magkaroon tayo ng mga pistá sa bawà't nayon ay kauntì na lamang marahil ang ating pamimilhin sa Maynila at sa gayo'y dî lalabas ang maraming kwarta sa ating bayan.

*12. Pagtulong sa Pamahalaan sa pagawà ng mga ilang gawàing Bayan.*

Mauulit ko rito na, may mga mainam na panukalà ang isang munisipiyo na kung magkaminsan ay hindî maisagawà dahil sa kakulangan ng salapîng mágugugol, gaya ng pagbubukás ng mga paaralan sa gabi, pagpapatayô ng mga gloriyeta at parke at pagdaraos ng mga *conferencia* sa mga nayon, pagpapalagay ng mga iláw na eléktrika sa mga lansangan; pagpapatayò ng bahay-ampunan, atbp., nguni't kung may isang kapisanang bayan na maáaring tumulong sa munisipiyo, marahil ay sa paano't paáno man ay may iba't ibang magagawà ang Pámahalaan at mga Kapisanan sa ikatutupad ng mga gawàing itó

*13. Aklatang Bayan at Limbagan.*

*Aklatan.*—Ang isà pa sa mga dapat tungkulin ng Kapisanang Bayan ay ang pagtatatag ng isang Aklatang Bayan para sa kapakinabangan ng mga kasaping magiliwing magbasá ng mga sarisaring aklat na katututuhan, mga aklat na kawiwilihan, at mga pahayagang inilalathala sa Maynila, sa mga lalawigan, at sa ibang lupain. Ang napapalà sa pagbabasá ng mga aklat kung magkaminsan ay higit pa kay sa natututuhan sa mga paaralan, sapagka't dito ay kung ano lamang ang itinuturo ay siyang napagaaralan, samantalang sa mga iba't ibang aklat at mga pahayagan ay maraming lubha ang nababasa tungkol sa larangan ng buhay sa paligid ng sangdaigdigan. Upang magkaroon ng isang aklatang-bayan ay kailangang maghandog ang bawa't kasapi ng mga aklat na magagamit ng nasabing kapisanan. Ang mga aklat na ito ay hindi maaaring ipagbili, subali't maaaring paupahan sa mga mangbabasa ng halagang peseta (₱0 20) isang taon, ayon sa patakaran na pagkaisahang itakda ng kapisanan.

Maaari rin naman mamuhunan ng kaunting salapi upang bumili ng mga aklat, kwaderno, papel, sobre, tinta, pluma, asero, lapis, atbp.; na maipagbibili sa mga kasapi at taong bayan. Sa pangangalakal na ito ay inaakala kong makikinabang ang kapisanan kung lilimang daang piso (500.00) lamang isang taon.

*Limbagan.*—Ang Limbagan at Aklatan (Imprenta y Libreria) ay magkapatid na hanap-buhay, sa ibang pagsasabi, ang dalawang ito'y mainam paglakipin, gaya ng mga nakikita natin sa siyudad ng Maynila, na malakas kumita ng salapi dahil sa naitutulong ng isa sa isa. Upang magkaroon ng isang katamtamang Limbagan ay inaakala kong sa pasimulà ay magkakasiya ang puhunang tatlong libong piso, na maluwag maisampa ng kapisanan sa kikitain din nito, sa loob ng dalawang taon. Kung tayo'y may sariling *imprenta* dito, hindi na tayo dadayo pa sa Maynila upang magpagawa

"MODERADO ORIENTE"
PATAHIANG PILIPINO
**238 Dasmariñas, Binondo.**

Yumayarì ng lahat ng kasuutan ukol sa mga lalaki ayon sa huling moda at sa kagustuhan ng nagpapagawâ.

***Norberto Tuason,***
*Tagapamahala at mananabas.*

**BAGO SA DAYUHAN AY SA KABABAYAN MUNA**
Kaya't kung nangangailangan kayo ng sombrero, ay lingapin ninyo ang

SOMBRERERÍA
NI
V. LIWANAG
*Binundok, Juan Luna 351.*

**Puhunang tagalog at yari rito.**

Tangì sa pagpapaputi at pag-aayos ng kahi't anong anyong ibigin.
Mura ang halaga at hindi mápipintasan ng sinomang maselang.
**Subukin at ng matotohanan.**

doon ng mga tarheta, mga sulat, mga paanyaya, mga palatuntunan, atbp., na malimit kailanganin. Kung sakaling ibigin man natin na magkaroon ng isang pahayagang lingguhan ó buwanan ay kaunti na lamang puhunan ang ating idaragdag.

*14. Pahayagan.*

Talastas natin na, sa lahat ng sandali ay kung anoano ang mga nangyayari sa loob ng bayan natin, sa mga iba't ibang pook ng lalawigan, at sa mga lupaing gaya ng Europa, Amérika, at Australya. Manakanakà ang mga magiliwin sa panitikan ay sumusulat ng mga kawiliwiling nobela ó mga tulà, samantalang ang iba nama'y tumutuklás ng mga bagaybagay na pakikinabangan ng samahán. Sa pamamagitan ng pahayagan ay maáari ngang maiulat na lahat ang mga nasabing balità, aral at kurû-kurô; maáaring magkakilánlanan ang mga tao; maáaring makapagpalágò ng mga hanapbuhay; maáaring makapagpabago ng ugalì; maáaring makapagturô sa mga dì nakaáalam ng kanikanilang mahahalagang tungkulin sa sarili at sa bayan; at iba pang kagalingan ng sangkatauhan. Sa makatuwid ay kailangan nating magkaroon dito ng isang pahayagang ilalathalà ng kapisanan.

Marami sa mga mámamayan ang nakatatalos ng kahalagahan ng isang pahayagan, subali't hindî ang lahat ay nakakapagbasa, sanhî kung magkaminsan sa karamihan ng gawain, ó sa kawalan ng maibabayad, ò dî kayâ ay sa kusang katamaran na lamang na humawak ng mga pahayagan Kung sakaling ang nasabing pahayagan na ilalathalà ng kapisanan ay ipamudmod lamang ng walang bayad sa bawa't kasapì, marahil ay walâ silang dahilang maikakatuwiran ng dî pagbabasá ng nasabing pahayagan.

Ngayón, ang suliranin tungkol sa paraan ng pagkabuhay ng pahayagan ay naririto: Sapagka't ipamimigay ng walang bayad, ay saan papapanggalingin ang salaping gugugulin sa pagpapalimbag nito? Sa mga "anuucio" ó pahayag ng mga mangangalakal. Bakit? Sapagka't ang anunsiyo ay malakas na *propaganda* na nagbibigay buhay sa mga samahang mangangalakal; at sapagka't ang nasabing pahayagan ay ipamumudmod lamang ng *gratis* itó ang siyang maguudiyok sa mga *comerciante* at *profesional* na magpalathalà sa nasabing pahayagan. Halimbawà mang hindî sumapat ang kikitàin sa mga palathalà, kung kulangin man sakalî ay kauntî na lamang, na maáaring papanggalingin sa pakinabang ng ibang hanap-búhay ng Kapisanang Bayan.

## PANGWAKAS.

Ang mga Panukalang ito, ayon sa inyong nabasa na, ay nabubuuo sa mga ganitong layunin: *Una.*—Ang pagkakaroon ng mabuting Pamahalaan, ó sa ibang sabi'y ang matalinong paggawa at mabusay na pagpapatupad ng mga kau'usan para sa kaayusan, kaginhawahan, kasayahan at kaligtasan ng bayang pinangangasiwaan; at ang *ikalawa*: Ang pagtatatag ng mga kapisanan upang magkakilakilala, magkadamayan at magkatangkilikan ang mga naninirahan sa bayang ito, at upang tumulong sa Pamahalaan sa mga gawaing bayan na di maitaguyod ng mga pinuno.

Dapat unawain na, ang lahat ng mga sinasabi ko sa aklat na ito ay hindi ipinangangako na aking magagawang lahat kung akó ang mapahalal sa tungkuling Pangulo ng bayang Pasay, subali ito'y isang patnubay lamang na pagpipilitan kong sundin kaylan ma't tatangkilikin ng bayan. Sa makatuwid, ang ikatutuloy ng lahat ng mga panukalang ito ay na sa pangungulo ng isa ó dalawa, at na sa pagsunod ng marami ó lahat ng mga mámamayan. Kung hindi man magawang lahat ang mga binabalak ko rito sa loob ng isa, dalawa, tatlo, ó apat na taon, ay may labis pang panahong nahuhuli upang tapusin ang isang gawaing nasimulan na; sapagka't kaylan ma't hindî nagiisip ay walang magagawa, at kung walang pasisimulan ay walang tatapusin. Kaya kailangan mandin ang tayo'y umisip at ating umpisahan kung ano man yaong inaakala nating karapatdapat gawin. Inilalabas ko ang panuntunang itó doon sa kawikaan na, *"ang ano mang gawain, bago bitiwa'y kailangang tapusin"*; sapagka't baga man ito'y katuwiran ay hindî maáaring matupad sa lahat ng sandalî at sa lahat ng lugar, dahilan sa ang buhay ng tao ay hindî natutulusan kung hanggang saan aabot.

Sa hanggang dito'y muli't muling isinasailalim ko sa pagkukurò at kapasiyahan ng aking mga kababayan ang imbing aklat na itó na inihahandog ko ng boong pusò, at isinasamong ipagpaumanhin kung dî man sakaling marapatin nilang tanggapin.

MIGUEL R. CORNEJO

Pasay, Rizal, Mayo 1, 1916.

**The American Bible Society**

*503 Avenida Rizal.*

Nagbibilí ng mga Biblia sa iba't ibang wikà.
Inyong pagsadyain at pagkakalooban kayó ng ayon sa halagang taglay ninyo.

*Macario L. Lecaros*

**DENTISTA**

CLÍNICA DENTAL MODERNO

Teléfono 3672. Nueva. 449.

# BERNABÉ STUDIO

Salcedo, Blg. 708, Sta. Cruz
Maynilà, K. P.

Araw-araw ay rumeretrato mulâ sa á las 9 ng umaga hanggang á las 3 ng hapon at tumatanggap ng mga gáwàing nauukol sa bagay na itó, gaya nang ***Ampliación, Reproducción, Opalinas, Alfileres, Revelaciones, Copias***, FOTOGRABADOS, at ZINCOGRAFÍAS, ibp.

***Walang bayad sa pasuklay.***

P. O. Box Blg. 973
Telépono, 3216.

Ang halaga sa mga **Grupo** at ibang mga bagong paraan ay ayon sa pagkásunduan.

*Ngayo'y may lalong pag-uurungan sa dakong pinagreretratuhan.*

## MGA TINDAHAN NG AKLAT NI J. MARTINEZ

*PLAZA MORAGA 34 36,—PLAZA CALDERON 108—AT REAL INTRAMUROS.*

NAGBIBILI NG TINGI O PAKYAWAN

NANG

**Sarisaring babasahin gaya nang nobela, awit.**
**Sarisaring aklat na pakikinabangan gaya nang sa paglulutò, sa pagsasaka, at mga iba't ibang pagkabuhay.**
**Sarisaring aklat nang salamangka, mahia, at mga lingid na karunungan.**
**Sarisaring aklat na ginagamit sa maliliit at malalaking páaralan, maging sa mga abogado, sa mga doktor, ibp.**
**Sarisaring gamit sa pagsulat, gaya nang papel, tintá, pluma, reglador, klipt at ibp.**
**Sarisaring "taheta postal" at mga estampá.**

## "KASIKATAN"

: : : Gáwaan ng **SIKULATE** : : :

—NINÁ—

***Resurrección at Kopatid.***

Daang J. Rizal, Mandaluyon, Rizal, S. P.

**Masaráp at sari saring hugis at lakí ng sikulateng yari sa mákina at ginamitan ng pulós na maga'íng at piling AKAW.**

**Bilang patotoo ng kanyang kasarapán at kagálingan ay nagtamó ng UNANG GANTING PALA (Medalla de Oro) sa Exposicióng karáraos pa lamang sa Maynilà, 1914.**

**Ang nangagbibili sa Maynilà**

**Almasén "Anak-Pawis", Echagüe. Tindahang "Panahon na", Aceyteros. Dulcería "La Mariposa", Trozo, atb.**

## La Tablería de P. y F. Jacinto

NAGBIBILI ng lahat ng uri ng kahoy rito.
GUMAGAWA ng sarisaring «muebles» na pasadyâ at sang-ayon sa ibiging ipagawâ.
YUMAYARI ng mga pang pintô, pang bintanà, ibp.
LAHAT ay mura at ayon sa kásunduan.
TUMAWAG sa telépono 8131.

***Juan Luna 954-962, Tondo.***

# IMPRENTA, LITOGRAFÍA Y LIBRERÍA
DE
# JUAN FAJARDO

FUNDADA EN 1899

Se hacen toda clase de impresiones desde el voluminoso libro hasta la más modesta circular. Reciben trabajos de Litografía con prontitud y economía - - Tipografía moderna, impresiones de lujo, encuadernación, personal habil - - - - - - - - - Vende toda clase de libros y otros efectos de escritorio. - -

DIRECCION TELEGRAFICA FAJARDO

CARRIEDO 326, STA. CRUZ, MANILA, I. F.
TELÉFONO 3237.

## WALA NANG UBAN

Sa pangpaitim na *"The Black Bird"* na bagong kathâ ay mapaiitim at mapagagandá ang buhok.
Kahima't magpawis, mabasâ at maligò ay dî kumukupas ni nag-iibá.
Hindî nakakamantsa ng mga damit ng mga likmuan ni ng mga pundá ng mga unan.
Dalawang pung minuto lamang na isasagawâ.
At sa adhikang maipakilala sa madlâ ay ipinagbibilí namin ngayon dito sa Maynilà ng ₱ 0.60 lamang ang isang kahita.
Sa mga bilin na buhat sa lalawigan ay magdaragdag ng ₱ 0.10 dahil sa selyo.

TANGING KATIWALA SA PILIPINAS.

## BAZAR DE I. OHGA

312 & 314 Carriedo. Maynilà. Pitak ng Korreo 893.

## PILIPO MALAYO OPTICAL Co.

***Namamatnugot:*** **SI G. FELIPE E. JOSÉ.**

**Consultorio Optico: FARMACIA REYES**
***Bautista, Pangasinan, K. P.***

Sila'y tumitingin ng walang bayad ng mga hapansanan sa matá.
Gumagawâ ng mga salamin na ikagagaling ng paningin.
Sila'y may mga salaming ***ambar, ahumado*** at ***azul*** na paraparang malamig sa matá.
Mayroon din naman silang salamin na "TORIC-BI-VISTA"
Ang kanilang yari ay mura at tinatapos na madalî ang anomang pasadyâ.
Ipinagtatagubilin namin sa aming mga mangbabasa